International Journal for Multidisciplinary Research (IJFMR)
E-ISSN: 2582-2160 • Website: www.ijfmr.com • Email: editor@ijfmr.com

# Sining At Mensahe: Isang Diskursong Pagsusuri sa Kahalagahan ng Orihinal na Awitin ng SB19

**Jhovern Lee Royo**

**ABSTRAK**
Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang kahalagahan ng mga orihinal na awitin ng SB19 sa pamamagitan ng linggwistikong elemento, gayundin ang semantikong pagpapakahulugan sa kanilang mga orihinal na awitin. Ginamit sa pag-aaral na ito ang kwalitatibong disenyo ng pag-aaral gamit ang dikursong pagsusuri upang suriin ang limampu't isang (51) orihinal na awitin ng SB19 na nagsilbing korpora sa pag-aaral. Batay sa resulta, may pitong linggwistikong elemento na namukod sa ginawang pagsusuri: ang tugma, anapora, epistrope, aliterasyon, asonans, metapora, at slang. Dagdag pa rito, may pitong semantikong katangian ang namukod sa ginawang pagsusuri: konseptwal, konotatibo, sosyal, apektibo, replektibo, kolokatibo, at tematiko. Ang pag-aaral na ito ay nagpapakita ng pagsusuri sa linggwistikong elemento at semantikong pagpapakahulugan sa mga orihinal na awitin ng SB19. Ang pagkakaroon ng pitong natatanging linggwistikong elemento (tugma, anapora, epistrope, aliterasyon, asonans, metapora, at slang) ay nagpapatunay sa pagiging malikhain at mapanlikha ng mga manunulat ng kanta. Ang paggamit ng mga elementong ito ay hindi lamang nagpapaganda sa awitin, kundi nagdaragdag din ng lalim at kahulugan sa mensahe nito. Ang pagiging mapaglaro sa wika ay nagbibigay ng kakaibang identidad sa musika ng SB19, na nagpapakilala sa kanila bilang mga artistang may natatanging istilo. Ang pitong semantikong katangian (konseptwal, konotatibo, sosyal, apektibo, replektibo, kolokatibo, at tematiko) na namukod sa pag-aaral ay nagpapatunay sa lawak at lalim ng mga mensahe na nais iparating ng mga awitin. Ang mga elementong sosyal, apektibo, at replektibo naman ay nagpapakita ng koneksyon ng mga awitin sa reyalidad ng mga tagapakinig. Ang pagiging kolokatibo naman ay nagpapakita ng pagiging natural at makatotohanan ng mga salita at parirala na ginamit.

**Mga Susing Salita:** *Linggwistikong elemento, semantikong pagpapakahulugan, sa orihinal na awitin ng SB19.*

## Kabanata 1
## Introduksyon

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng layunin ng pag-aaral kabilang dito ang rasyunale, layunin ng pag-aaral, mga katanungan sa pananaliksik, teoretikal na pokus, kaugnay na mga literatura kahalagahan ng pag-aaral, katuturan ng mga katawagan, Limitasyon at delimitasyon ng pag-aaral.

### Rasyunale

Ang awit ay may malalim na kahalagahan sa ating buhay, na nagdadala ng iba't ibang uri ng impluwensya at epekto sa ating emosyon, pag-iisip, at pakikipag-ugnayan sa mundo. Ang mga himig at ritmo ay nagbibigay ng isang wika para sa mga emosyon na mahirap sabihin sa mga salita. Maaaring magamit ito upang mapagaan ang kalooban, magbigay ng inspirasyon, o makatulong sa pagproseso ng mga nakababahalang karanasan. Kasama ang lahat ng elemento nito, ay may malaking impluwensya sa

emosyonal na tugon ng isang indibidwal. Ang mga awit ay makatutulong din sa mga mag-aaral na matuto ng mga bagong salita at parirala, at mapabuti ang kanilang pagbigkas at pag-unawa sa wika. Sa pamamagitan nito maaari ding mapaunlad ang mga kasanayan sa bokabularyo ng mga mag-aaral at mapapabuti ang kanilang pagsasalita sa pamamagitan ng pakikinig sa mga awit (Sulaymonova & Hiller, 2019).

Sa Malaysia, isang pag-aaral ang nagsiyasat sa mga hamon ng paggamit ng mga orihinal na awiting Ingles sa pagtuturo, na nagpapakita ng mga partikular na problema para sa mga guro at mag-aaral. Nahirapan ang mga guro sa pagpili ng angkop na mga awit at sa pagpapaliwanag ng mga kumplikadong konsepto, samantalang ang mga mag-aaral naman ay nahirapang maunawaan ang mga liriko, lalo na ang mga idyoma at slang, at gayahin ang tamang pagbigkas. Partikular na tinitignan ng pag-aaral kung ano ang mga problema na nararanasan ng mga guro at mag-aaral, gaya ng pagbigkas at pag-unawa sa mga kahulugan ng mga awitin. Ang pag-aaral na ito ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng pag-unawa sa mga hamon na ito upang mapahusay ang pagtuturo ng Ingles gamit ang mga awit (Rahmat & Muhamad, 2020).

Sa Pilipinas may isang pag-aaral na naglalayong ibalik ang interes ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng paggamit ng mga awit bilang isang mas nakaka-engganyo at nakaka-relate na paraan ng pagtuturo, isang pampublikong paaralan sa Bustos, Bulacan, ginagamit ang mga orihinal na mga awitin upang magbigay ng isang mas makabuluhang karanasan sa pag-aaral para sa mga mag-aaral. Maaari itong magbigay ng pagkakataon para sa mga mag-aaral na mapalawak ang kanilang sariling mga karanasan at damdamin sa pamamagitan ng panitikan. Sa huli, ang paggamit ng mga awit bilang panimula sa pagtuturo ng tula at kwento ay maaaring magbigay ng isang mas malalim na pag-unawa sa panitikan at mag-udyok sa mga mag-aaral na mag-isip nang malikhain at kritikal (Sebastian, 2020).

Ang pag-aaral na ito ay mahalaga dahil nagbibigay ito ng pagkakataon upang masuri ang sining at mensahe ng mga orihinal na awitin ng SB19. Ang SB19 ay isang grupo ng mga Pilipinong musikero na nagiging kilala sa loob at labas ng bansa. Ang kanilang musika ay nakaka-engganyo at may malalim na kahulugan, na nagbibigay ng inspirasyon sa maraming tao. Ang pag-usbong nila sa mundo ng musika ay nagdulot ng bagong alon ng inspirasyon at pag-asa, lalo na sa mga Pilipino. Bilang isang grupo ng mga musikero na nagpapakita ng talento at pagiging makabago sa kanilang mga awitin, mahalaga na masuri ang sining at mensahe na kanilang ipinapahayag. Ang pag-aaral ng kanilang mga orihinal na awitin ay hindi lamang nagbibigay ng pagkakataon upang masuri ang kanilang mga likhang sining, kundi pati na rin upang masuri ang kanilang impluwensya sa kultura ng Pilipinas. Bukod sa sining ng kanilang musika, mahalaga rin na masuri ang mga mensahe na kanilang ipinapahayag sa kanilang mga awitin. Ang kanilang mga lyrics ay kadalasang nagtatampok ng mga tema ng pag-ibig, pag-asa, paglaban, at pagkakaisa.

Sa pananaliksik nina Yeh at Hung, (2022) na may pamagat na *The Stages of Love, Songs, and a Band: A Corpus Discourse Analysis of One Direction's Pop Albums* ay isang kawili-wiling pag-aaral na gumagamit ng corpus linguistics upang suriin ang animnapu't limang kanta ng One Direction. Sa paggamit ng framework ni Fairclough ay nagbigay ng isang sistematiko at kwantitatibo na paraan upang masuri ang dalas ng mga salita, kolokasyon, at semantikong sanggunian sa loob ng isang malaking korpus ng mga liriko. Ang pag-aaral na pinamagatang *Semiotic Analysis of The Denotative and Connotative Meaning on The Beatles' Songs Lyrics"*nina Ishar at Irawan, (2023) nilalayon na suriin ang mga liriko upang mahayag ang mga tuwirang kahulugan nito kasama ang mas malalim, mas subhetibong interpretasyon na maaaring makuha ng mga tagapakinig. Sa pamamagitan ng paggamit ng teoryang semiotiko ni Roland Barthes, hinahangad ng pananaliksik na maunawaan kung paano isinasalamin ng mga liriko ng mga awiting ito ang mas malawak na karanasan ng tao at mga mitolohiyang pangkultura. Gumamit ang mga may-akda ng

deskriptibong kuwalitatibong paraan ng pananaliksik, gamit ang mga nakasulat na teksto ng mga liriko ng awitin bilang pangunahing datos. Sa pamamagitan ng pagsusuri, tinutugunan ng pag-aaral ang isang kapansin-pansing kakulangan sa umiiral na mga pag-aaral at pananaliksik. Maraming akda ang sumasaklaw sa P-Pop bilang isang *genre*, ngunit kakaunti ang nagbibigay ng detalyadong pagsusuri sa mga natatanging kontribusyon ng SB19 at sa malalim na impluwensya nito sa pagbubuo ng pambansang pagkakakilanlan ng mga Pilipino, partikular sa konteksto ng pag-usbong ng P-Pop bilang isang *genre*. Ito ay maaaring magbigay ng mas malalim na pag-unawa sa kanilang sining at sa kanilang impluwensya sa kultura at lipunan ng Pilipinas.

**Layunin ng Pag-aaral**

Ang layunin ng kwalitatibong diskursong pagsusuri na ito ay tuklasin ang masining na kalidad ng kanilang mga awitin at ang mga mensaheng nakapaloob dito, na isasaalang-alang ang kanilang impluwensya sa konteksto ng umuunlad na P-Pop *scene* at sa larangan ng kulturang Pilipino. Sa pamamagitan din nito, inaasahan kong matukoy ang kanilang epekto sa mga tagapakinig at mga tema na kanilang ginamit na nagreresulta sa isang mas malawak na pagpapahalaga sa kanilang sining at impluwensya.

**Mga Katanungan sa Pananaliksik**

Sa isinagawang kwalitatibong pananaliksik na gumamit ng diskursong pagsusuri, ang dalawang pangunahing tanong sa pananaliksik ang nagsilbing pundasyon sa pagtukoy ng pag-aaral:

1. Ano-ano ang mga linggwistikong elemento ng mga orihinal na awitin ng SB19 sa paggamit ng wika sa lipunan?
2. Ano-ano ang semantikong pagpapakahulugan na makikita sa mga orihinal na awitin ng SB19?

**Teoretikal na Pokus**

Ang pag-aaral na ito ay nakaangkla sa framework ni Norman Fairclough (1995) ang *Critical Discourse Analysis*. Ito ay isang batayang konsepto upang suriin ang kahalagahan ng orihinal na awitin ng SB19, na naglalayong alamin at unawain ang kahalagahan ng orihinal na awitin ng Sb19 sa mga lirikong ginamit sa mga nasabing kanta. Ito ay naglalaman ng pagsusuri sa mga linggwistikong elemento na mga bahagi ng teksto tulad ng pag-uulit, tugma, anaphora, epistrope, aliterasyon, metapora, asonansiya, at slang mga pagpapahalagang pahayag. Bukod dito, kasama rin sa pagsusuri ang panlipunang pag-aanalisa o pagpapaliwanag, mga proseso ng diskurso, pagkonekta ng diskurso sa sosyal at kultural na realidad sa konteksto ng kanilang mga orihinal na awitin. Sa paggamit ng teoritikal na balangkas na ito, layon ng pananaliksik na maipaliwanag ang kahalagahan ng kanilang orihinal na awitin

Ang nasabing modelo ang gagamitin upang matukoy ang linggwistikong paraan sa pag-unawa sa mga detalye ng kahulugan ng mga salitang ginamit. Ito ay paraan ng pagsusuri ng mga teksto, dapat lamang na isaalang-alang ang ibat ibang aspeto ng wika na sumasalamin sa realidad. Ipinapakita nito ang dinamikong interaksyon ng wika at kultura sa kontekstong kinapapalooban sa teksto, Ang pagsusuri sa mga kahalagahan ng orihinal na awitin ng SB19 sa paggamit ng balangkas na ito, ay susurin hindi lamang ang nilalaman ng mga titik kundi pati na rin ang mga linggwistikong elemento na naglalahad sa kanilang orihinal na awitin.

Bukod pa rito upang supportahan ang nasabing modelo nakabatay din ang pag-aaral na ito sa *Conceptual metaphor theory* (CMT) nila Lakoff at Johnson (1980). Ang teoryang ito ay nagmumungkahi na madalas nating naiintindihan at naipapahayag ang mga abstraktong konsepto sa pamamagitan ng paggamit ng mga

metapora, na nagmumula sa mas konkretong mga bagay. Sa mundo ng musika, maaaring gamitin ang teoryang ito upang pag-aralan kung paano ginagamit ang mga metapora sa mga lyrics upang maipahayag ang damdamin, karanasan, at mga ideya.

Sa paggamit ng *Conceptual Metaphor Theory* (CMT) nina Lakoff at Johnson upang masuri kung paano naipapahayag ang emosyon, karanasan, at mga ideya sa mga awitin sa pamamagitan ng metapora. Ayon sa CMT, ang mga konseptong abstrakto, gaya ng pag-ibig, pangarap, at sakripisyo, ay inihahalintulad sa mga mas konkretong larawan o karanasan, na nagdudulot ng mas malalim na pag-unawa sa mensahe ng awitin. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga elemento ng wika sa mga orihinal na awitin ng SB19 maipapakita kung paano ginagamit ang mga konkretong imahe at personal na karanasan upang ilarawan ang mga konseptong abstrakto. Ang paggamit ng metapora ay mahalaga sa pag-unawa sa iba't ibang pananaw at damdamin.

Bukod dito, upang makuha ang sagot sa ikalawang katanungan ng pag-aaral na ito, ay gumamit din ng *Semantic Theory* ni Geoffrey Leech (1974) kung saan ang teoryang ito ay nag-aaral sa kahulugan bilang sentral na konspeto.Nilinaw ng teoryang ito ang kahulugan bilang pangunahing konsepto, isang ugnayan sa pagitan ng mga salita at ang mga bagay na tinutukoy nito. Mahalaga ang konteksto sa pag-unawa sa kahulugan dahil ang iisang salita o parirala ay maaaring magkaroon ng iba't ibang interpretasyon depende sa gamit nito. Nakatulong ang teoryang ito sa pag-aanalisa ng mga liriko ng mga modernong kanta sa pamamagitan ng pagkilala sa pitong uri ng kahulugan: konseptwal, konotatibo, panlipunan, pangwika/emosyonal, replektibo, kolokasyonal, at tematiko.

Ang teorya ni Leech ay isang mahalagang balangkas sa pagsusuri ng mga kanta, partikular sa pag-unawa sa iba't ibang kahulugan ng mga liriko batay sa konteksto. Binibigyang-halaga nito ang papel ng konteksto sa paghubog ng kahulugan ng mga salita at kung paano ito nagbabago depende sa sitwasyon. Sa paggamit ng teoryang ito, masusuri ang iba't ibang antas ng kahulugan sa mga awitin, isinasaalang-alang ang mga panlipunan at kognitibong salik na nakakaimpluwensya sa paggamit at interpretasyon ng wika sa mga liriko.

Dagdag pa rito, ang pag-aaral ay magpapamalas din ng isang mas malalim na pagsusuri gamit ang balangkas ng *Lexical Semantics* nina Pustejovsky & Boguraev (1995). Ang modelong ito ay magiging komplementaryo sa teorya ni Fairclough (1995), na nagbibigay-daan sa isang mas komprehensibong pagsusuri ng morpolohikal at semantikal na aspeto ng mga liriko ng limampu't isang (51) piling awitin ng SB19. Partikular na tututukan ang mga sumusunod: morpolohikal na katangian gaya ng *affixation*, reduplikasyon, paghihiram ng salita, at mga semantikal na aspeto kabilang ang leksikal na kategorya, interpretasyon ng mga parirala, tayutay, kultural na reperensya, at panlipunang komentaryo. Bukod dito, susuriin din ang mga tema, naratibong istruktura, emosyonal na tono, at istilo ng pagpapahayag upang mailahad ang mas malalim na kahulugan at kultural na implikasyon ng mga awitin. Ang paggamit ng *Lexical Semantics* ay naglalayong magbigay ng mas detalyadong pag-unawa sa linggwistika at semantikal na komposisyon ng mga awitin, na nagpapayaman sa interpretasyon ng diskurso.

**Rebyu ng Kaugnay na Literatura**

Ang bahagi ito ay naglalahad ng iba't ibang pagsusuri ng mga kaugnay na literatura para sa kasalukuyang pag-aaral. Sa pagsusuri sa mga naunang pag-aaral, mas mauunawaan ang konteksto ng kasalukuyang pag-aaral at ang kahalagahan nito sa larangan.

**Kahalagahan ng Orihinal na Awitin**

Ang mga orihinal na kanta ay may hawak na makabuluhang kahalagahan sa kultura at lipunan sa anumang bansa. Nagsisilbi silang isang mekanismo para sa pagpapanatili at pagbuo ng mga halagang pangkultura ng lipunan. Ang mga ito ay isang paraan kung saan ibinabahagi ng mga tao ang kanilang kultura, kaugalian, at kung paano sila nagtuturo mula sa isang henerasyon hanggang sa susunod. Pinasisigla nila ang mga indibidwal na may pakiramdam ng pagkakaisa, pag-aari, at pagmamalaki sa kanilang pinagmulan at pamayanan. Pinapalakas nila ang pambansang pagkakakilanlan habang sabay na lumilikha ng isang pakiramdam ng pagmamay -ari at pagmamataas sa kanilang sariling kultura. Itinataguyod nito ang mga bagong interpretasyon, musika, at sining. Bukod dito, ang kanilang pag -unawa ay magbubukas ng mga bagong posibilidad para sa pagkamalikhain at pagpapahayag na ginagarantiyahan ang patuloy na pag - unlad at pagsulong ng kasanayan sa musika. Ang mga orihinal na kanta ay nagsisilbing isang pambansang pagkakakilanlan sa pamamagitan ng kultura. Ang mga ito ay puno ng kahulugan at may mahusay na kapangyarihang panlipunan. Samakatuwid, ang kanilang pangangalaga ay isang pamumuhunan sa hinaharap ng bansang ito. Ang mga ito ay isang inspirasyon para sa mga tao na yakapin ang isang marangal na dahilan at magsikap para sa kahalagahan ng mga orihinal na kanta sa kultura ng isang bansa (Wang, 2022).

Bukod dito, ang pagpapanatili ng mga orihinal na kanta ay gumaganap ng isang mahalagang papel sa pagkakakilanlan at pamana sa kultura. Nagbubuklod din ito ng mga batang henerasyon at binibigyan sila ng isang dahilan upang maisulong ito sa hinaharap. May hawak itong kabuluhan sa kultura at pagkakakilanlan. Ang pagkawala nito ay nangangahulugang pagkawala ng isang mahalagang bahagi ng kultura at pagkakakilanlan. Ito ay hindi lamang isang kanta; Ito ay bahagi ng pagkakakilanlan at nagbibigay ng kahulugan sa kultura ng isang lipunan. Ang mga ugat nito ay namamalagi sa loob ng kanilang kultura, kasaysayan, at paraan ng pamumuhay, na sumasalamin sa kung ano ang naiintriga sa pagkakakilanlan at pamana sa kultura. Ang kabuluhan ng mga orihinal na awitin ay sentro sa pagpapahalaga sa kultura bilang isang mahalagang pamana at kung bakit ito mahalaga sa anumang anyo ng sining. Ito rin ay isang buhay na kwento na humuhubog sa isang pamayanan, sumasalamin sa kasaysayan, at nagpapabuti sa pang-araw-araw na buhay (Tang & Sornyai, 2023).

Ang orihinal na mga awitin ay hindi lamang isang sining, kundi isang malakas na puwersa na humuhubog at nagbibigay ng kahalagahan sa ating buhay panlipunan. Napakahalaga nito sa ating buhay panlipunan hindi lamang sa pagbabahagi ng isang karanasan sa pamamagitan ng musika. Ang musika ay isang malakas na daluyan sa paghahatid ng mga pag-asa, damdamin at karanasan na hindi mailalarawan sa mga salita lamang. Nag-aalok ito ng isang paraan upang maipahayag ang kagalakan at kalungkutan, pag-asa at kawalan ng pag-asa, na lumilikha ng mga orihinal awitin kung saan ang mga tao ay maaaring maiugnay sa isa't isa. Maaari itong magkaisa, magpahayag, lumikha, at magdulot ng pagbabagong-anyo. Ito ay isang malakas na mapagkukunan na nagpapalalim ng mga relasyon at kahalagahan sa buhay panlipunan (Ibragimovna, 2025).

Sa kasaysayan ng musika, ang orihinal na mga awitin ay may malaking kahalagahan sa kasaysayan ng sangkatauhan. Ito ay hindi lamang isang ng sining; Ito ay isang napakahalagang aspeto ng pagtukoy at pag-unawa sa ating pamana. Ito ay isang tagapag-alaga ng pamana sa kultura. Ang mga tradisyunal na kanta ay may mga aralin, turo sa moral, at karunungan na naipasa sa mga bata ng mga nakatatanda. Ang mga estilo ng musikal, instrumento, at istraktura ay nagdadala rin ng testamento sa isang natatanging kultura. Sa pag-aaral na ito ay nabibigyan ng kahalagahan ang mga paniniwala, kasaysayan at pamumuhay sa mga nakaraang henerasyon. Ang mga orihinal na awitin ay tumutulong upang mapahalagahan ang

pagkakakilanlan ng kultura at mabigyang halaga ang kasaysayan ng musika. Ang pagdating ng jazz, rock and roll, hip-hop at pop music ay isang makasaysayan. Ito ay nagbibigay ng kamangha-manghang pananaw sa sangkatauhan. Ito ay naglalarawan na ang orihinal na awitin ay hindi lamang sumasalamin sa kultura ngunit ito mismo ay isang puwersa ng kontribusyon sa ating lipunan at kasaysayan. Ang mga lumang himig at kanta ay nagpapatuloy ng mga koneksyon sa lahat ng mga magulang at nakakatanda. Ang paglilipat ng mga kanta mula sa isang henerasyon ay nagpapanatili ng mga kombensiyon at magkasama ang mga tao. Dagdag pa rito, ang orihinal na awitin ay hindi lamang isang piraso ng sining; Ito ay isang pangunahing bahagi ng buhay ng tao. Ang papel nito ay bilang isang imbakan ng pamana sa kultura, isang kopya ng pag-unlad ng lipunan, at sa ating kasaysayan. Ang ebolusyon ng musika sa edad ay nagbibigay ng isang sulyap sa mga katotohanan ng tao at ang pagbuo ng mga lipunan (Tairjanovna, 2025).

Ang pag-aaral na ito ay nagbibigay diin sa malalim na epekto na taglay ng mga orihinal na awitin sa pagbibigay ng kahalagahan isang lipunan. Ito ay nagsisilbing isang sasakyan para sa pagpapatibay ng malalim na koneksyon at pag-aalaga sa isang lipunan. Ang mga orihinal na awitin ay may mahalagang papel sa pagpapahusay ng pagkakaisa at pagkakaisa ng lipunan, na kumikilos bilang isang tulay na pinagsasama-sama ang mga tao. Ang pagsali sa mga programa patungkol sa musika ng komunidad ay hindi lamang naghihikayat ng pakikipagtulungan ngunit nalilinang din ang isang mayamang pag-unawa at pagpapahalaga sa magkakaibang mga karanasan na dinadala ng mga indibidwal. Sa pamamagitan ng mga ibinahaging karanasan sa musika, natututo ang mga kalahok na magtrabaho nang magkakasuwato tungo sa mga karaniwang layunin, na nagpapaunlad ng diwa ng pagtutulungan at paggalang sa isa't isa. Ang sama-samang pakikipag-ugnayan na ito ay hindi lamang nagpapatibay sa mga interpersonal na bono ngunit pinalalaki rin ang isang tunay na pakiramdam ng pag-aari at responsibilidad sa isa't isa at sa komunidad sa pangkalahatan. Higit pa rito, ang proseso ng pag-aaral na tumugtog ng mga instrumento o kumanta ay nililinang ang mahahalagang kasanayan sa buhay tulad ng disiplina, tiwala sa sarili, at pagpapahalaga sa sarili. Ang mga kasanayang ito ay napakahalaga, dahil binibigyang kapangyarihan ng mga ito ang mga indibidwal na ipahayag ang kanilang sarili nang malikhain at tunay. Sa huli, ang mga orihinal na awitin ay hindi lamang nakakaaliw; nagsisilbi sila bilang isang inspirasyon para sa personal na pag-unlad at pag-unlad ng lipunan, na nagbibigay-diin sa mahalagang papel ng musika sa pagpapayaman ng karanasan ng tao at pagpapatibay ng isang maunlad na lipunan (Weatherly, 2024).

**Sining at Mensahe**

Ang musika ay isang anyo ng sining na gumagamit ng tunog na isinaayos sa paraan ng pagpapahayag ng damdamin o ideya. Ito ay may mensahe na maaring tumutukoy sa kuwento, emosyon, ideya o karanasan ng kompositor. Sa pag-aaral na ito ay tinutukoy, na ang sining at mensahe sa musika ay isang mahalagang bahagi ng pagpapahayag sa ating sarili. Ang mensahe nito ay hindi isang iisang bagay, bagkus ay depende sa interpretasyon ng nakikinig. Ang sining ng musika ay may kakayahang makaapekto sa ating pag-iisip, emosyon at pagkilala sa sarili, habang ang mensahe ay ang personal na kahulugan na binibigyan natin dito batay sa ating karanasan at pananaw. Ang musika ay higit pa sa mga nota at ritmo; ito ay nagsisilbing isang paraan para sa pagpapahayag ng sarili. Ang sining at mensahe sa musika ay isang pakikipag-ugnayan, isang palitan ng emosyon, ideya, at karanasan sa pagitan ng kompositor, tagapalabas, at tagapakinig. Ang pag -unawa sa mga magkakaibang pananaw na ito ay mahalaga sa pagpapahalaga sa lalim at kumplikasyon ng musika bilang anyo ng sining at komunikasyon. Ito ay hindi lamang koneksyon

ng mga nota, kundi ito ay may mensahe, isang buhay na karanasan na patuloy na nagbabago at lumalalim sa bawat interpretasyon (Prinz et al., 2021).

Ang sining at mensahe ng musika ay nakatutulong sa sa pagpapabuti ng pangangalagang pangkalusugan. Tinutukoy ng pag-aaral pag-aaral kung paano nakatutulong ang ang sining at mensahe ng musika sa sistema ng pangangalagang pangkalusugan. Ipinahihiwatig nito na ang sining at mensahe ng isang musika ay may positibong epekto sa kagalingan ng tao at sa pangkalahatang bisa ng pangangalagang pangkalusugan. Ito ay nagsisilbing inspirasyon upang mapukaw ang emosyon at nagpapagaan ng loob. Hindi lang ito tungkol sa mensahe ng mga indibidwal na awitin, kundi sa paggamit ng mensahe para sa pagbabago at pagpapabuti. Ang pag-aaral na ito ay hindi lamang nakatuon sa literal na kahulugan ng nga partikular na awitin, kundi sa kapangyarihan ng sining at mensahe ng musika na nagbibigay ng positibong epekto. Malaki ang kahalagahan ng mensahe sa isang musika, kung walang sining at mensahe na nakikita sa isang musika ay hindi magiging maganda ang epekto nito. Ayon sa pag-aaral ang mensahe ng musika ay maaaring makapagbawas ng atensyon ng mga pasyente sa sakit. Kapag ang musika ay may magandang mensahe, ito ay maaaring makapagbawas ng *stress*. Ito ay kapaki-pakinabang para sa mga taong nakaranas ng nakaka-*stress* na bagay. Sa pamamagitan ng sining at paggamit ng mga mensahe na ipinapahayag sa pamamagitan ng musika, ang mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ay maaaring lumikha ng isang mas sumusuporta, nakapagpapagaling, at epektibong kapaligiran para sa mga pasyente, hahantong sa pinakamahusay na kagalingan (Klasko, 2023).

Ang musika ay isang salamin ng kaluluwa ng tao, na nagpapahayag ng mga emosyon, karanasan, at ideya na kadalasang mahirap ipahayag sa mga salita. Ang sining at mensahe ng musika ay nagsisilbing repleksyon ng personal na paglalakbay ng kompositor mula sa kanyang karanasan sa buhay. Ito ay nagsasaad na ang musika ay isang makapangyarihang paraan ng komunikasyon. Ito ay may sining na maaaring ilarawan ang damdamin, kwento, o ideya na ipinahahayag sa musika, na lumilikha ng mas malalim at mas makahulugang karanasan para sa tagapakinig. Tinutukoy ng mananaliksik sa pag-aaral na ito ay maaaring lumikha ng isang mas malakas na emosyonal na koneksyon sa tagapakinig. Ang biswal na representasyon ng emosyon na ipinahahayag sa musika ay maaaring magpalalim ng empatiya at pag-unawa. Sa pag-aaral na ito sinasabi na ang sining at mensahe ng musika ay higit pa sa isang simpleng piraso; ito ay isang malalim na pagsisiyasat sa sarili, isang salaysay na isinalaysay sa pamamagitan ng magkakaugnay na tunog at imahe. Isang proseso na sinasalamin sa anim na bahagi ng kanyang komposisyon. Ito ay paglalakbay sa personal na pag-unlad, pati na rin paglalakbay sa pagitan ng mga kultura at disiplina, na nagpapakita ng isang natatanging pagsasama ng tradisyon at modernidad. Dagdag pa rito, ang sining at mensahe ay nagsisilbing isang mahalagang kasangkapan na nagpapalawak, nagpapalalim, at nagpapayaman sa karanasan ng musika. Hindi lamang ito nagbibigay ng biswal na representasyon ng musika, kundi nag-aambag din ito sa paglikha ng isang mas makahulugan at emosyonal na koneksyo (Liu, 2023).

Ang sining, sa lahat ng anyo nito ay nagtataglay ng kapangyarihang maghatid ng mensahe. Mula sa mga kuwadro na naglalarawan ng kagandahan hanggang sa mga awiting nagpapahayag ng damdamin, ang sining ay nagsisilbing salamin ng ating mga karanasan at nagbibigay ng inspirasyon sa ating mga kaluluwa. Ang awit, sa kanyang simpleng melodiya at makahulugang liriko, ay naglalayong magbigay ng pag-asa sa mga nakikinig. Sa pamamagitan ng paggamit sa sining ng musika, ang awit ay naghahatid ng mensahe ng pagiging positibo at pagtitiis sa kabila ng mga pagsubok sa buhay (Hariyanto et al., 2024).

Ang pag-aaral na ito ay nagpapalawak sa ating pag-unawa sa sining ng pagkukuwento na nagpapakita ng konsepto at hindi lamang limitado sa mga nakasulat na salita. Sa katunayan, ang pagkukuwento ay isang

unibersal na prinsipyo na umiiral sa iba't ibang anyo ng sining, kabilang na ang musika. Ang mga awit, sa kanilang kakayahang pukawin ang emosyon at maghatid ng mga mensahe sa pamamagitan ng tunog at liriko, ito ay nagpapatunay na ang musika ay isang makapangyarihang daluyan ng pagkukuwento. Ang musika ay may kakayahang maghatid ng mga kwento sa pamamagitan ng mga tunog at melodiya, na lumilikha ng mga emosyonal na larawan at karanasan sa isip ng tagapakinig. Ang mga ritmo ay maaaring magpahiwatig ng paggalaw, pag-igting, o katahimikan, habang ang mga tono ay nagdadala ng mga damdamin ng kalungkutan, kagalakan, o pag-asa. Ang mga liriko naman ay nagbibigay ng mga salita sa mga kwentong ito na nagpapalalim sa mga tema, nagpapakilala ng mga tauhan, at nag-aalok ng mga pananaw sa buhay. Ito ay isang makapangyarihang paraan ng pagbibigay mensahe dahil sa kakayahan nitong makipag-ugnayan sa ating mga emosyon sa isang malalim na antas. Ang mga tunog ay maaaring magpukaw ng mga alaala, mag-udyok ng pagninilay, at magbigay ng isang pakiramdam ng pag-aari sa mga karanasan na ating naririnig. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga elemento ng musika, ang mga musikero ay nagagawa na maghatid ng mga kwento na nagpapakilos sa ating mga damdamin, nagpapalawak sa ating pag-unawa sa mundo, at nagpapatunay sa ating pagiging tao (Alberhasky & Durkee, 2024).

**Musika at Pagkakakilanlan**

Ang musika ay isang makapangyarihan na anyo ng komunikasyon na may mahalagang papel sa paghubog ng pagkakakilanlan, lalo na sa iba't ibang yugto ng buhay. Para sa mga kabataan, ang musika ay isang pangunahing daluyan kung saan nila isinasaabuhay at ipinapahayag ang kanilang pagkakakilanlan, at kung saan nila binibigyang-kahulugan ang kanilang mga indibidwal at kolektibong karanasan. Ang pakikinig, paglikha, at pagkonsumo ng musika ay nakakatulong sa kanilang emosyonal at sosyal na paglalakbay, at nagsisilbing gabay sa pagtugon sa mga hamong kinahaharap nila. Ang pag-aaral ay binibigyang-diin ang kakulangan ng representasyon ng mga kabataang rural sa mga pag-aaral hinggil sa musika at pagkakakilanlan, at layunin nitong bigyan ng boses ang kanilang mga karanasan. Ito ay nagsasaad na ang musika ay may malaking impluwensya sa pagbuo ng pagkakakilanlan ng mga kabataan, partikular na sa konteksto ng kanilang kultura at karanasan. Hindi lamang ito isang anyo ng libangan, kundi isang mahalagang kasangkapan sa pagpapahayag ng sarili at pag-unawa sa mundo. Sa pamamagitan ng pakikinig, paggawa, at pagbabahagi ng musika, nabubuo ng mga kabataan ang kanilang sariling identidad at koneksyon sa iba. Para sa mga kabataan, ito ay isang mahalagang bahagi ng kanilang pagbuo ng identidad. Nagsisilbi itong paraan ng pagpapahayag ng kanilang mga saloobin, damdamin, at karanasan (Nikulinsky, 2022).

Sa karagdagan, ang musika ay hindi lamang isang sining, kundi ito ay may kakayahan sa pagbuo ng personal at edukasyonal na pagkakakilanlan ng mga kabataan. Ito ay nagbubukas ng isang mahalagang talakayan hinggil sa malalim na ugnayan ng musika at pagkakakilanlan, partikular na sa konteksto ng pag-unlad ng edukasyonal na identidad at kalinawan ng konsepto sa sarili ng mga kabataan. Ang pagtuklas ng isang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng kagustuhan sa musika at mga aspektong ito ay nagpapahiwatig ng isang mas kumplikadong papel ng musika kaysa sa simpleng libangan. Ang musika, ayon sa mga resulta, ay maaaring maglingkod bilang isang salamin ng panloob na mundo ng isang indibidwal, na nagpapahayag ng kanilang mga halaga, paniniwala, at mga karanasan. Ang pag-aaral ay nagbibigay ng isang mahalagang kontribusyon sa pag-unawa sa kumplikadong ugnayan ng musika at pagkakakilanlan. Ang mga natuklasan ay nagpapahiwatig ng pangangailangan para sa karagdagang pananaliksik upang galugarin ang mga kontekstwal na salik na maaaring makaapekto sa ugnayang ito at

upang magamit ang mga natuklasan upang mapabuti ang mga karanasan sa pag-aaral ng mga kabataan. Ang pag-aaral na ito ay nagsisilbing isang panimulang punto sa isang mas malawak na pag-uusap hinggil sa papel ng musika sa pagbubuo ng identidad ng mga kabataan at sa kanilang pag-unlad (Zijtveld, 2022). Malalim ang ugnayan ng musika at pagkakakilanlan sa isang bansa. Ginagamit ang musika bilang isang mahalagang paraan ng pagpapahayag ng pambansa, etniko, at panlipunang identidad. Hindi lamang ito isang simpleng pag-uugnay ng musika sa identidad, kundi isang masusing pagsipat sa kung paano ginagamit ang musika bilang isang malakas na daluyan ng pagpapahayag ng pambansa, etniko, at panlipunang pagkakakilanlan. Ang pag-aaral ay nagpapakita ng isang komprehensibong pag-unawa sa ugnayan ng musika at pagkakakilanlan sa isang bansa. Hindi lamang ito isang pag-aaral ng musika mismo, kundi isang pag-aaral din ng kasaysayan, kultura, at lipunan ng bansa. Ang musika, sa kontekstong ito, ay hindi lamang isang anyo ng sining, kundi isang aktibong kalahok sa pagbubuo at pagpapahayag ng pambansang identidad (Bridge, 2022).

Ang musika ay isang malakas na puwersa na nag-uugnay sa atin sa ating mga ugat, sa ating kultura, at sa ating lahi. Ito ay isang paraan ng pagpapahayag na nagdadala ng mga tradisyon, mga kwento, at mga damdamin na nagpapakilala sa ating pinagmulan. Ang pag-aaral ng relasyon ng musika at pagkakakilanlan ng lahi ay nagbubukas ng isang malalim na pag-uusap tungkol sa kung paano tayo binubuo ng ating mga nakaraan at kung paano tayo naghahanap ng kahulugan sa ating kasalukuyan. Ang musika ay madalas na nagsisilbing isang simbolo ng pagkakakilanlan ng lahi. Ang mga katutubong awitin, mga instrumentong pangmusika, at mga istilo ng pagtugtog ay nagpapakita ng natatanging mga katangian ng isang kultura. Halimbawa, ang mga katutubong awitin ng mga Pilipino ay nagdadala ng mga kwento ng kanilang mga ninuno, mga paniniwala, at mga karanasan. Ito ay nagsisilbing isang salamin ng mga karanasan, isang kagamitan sa pagproseso ng emosyon, at isang paraan ng pagkilala sa sarili at sa mundo, na ginagawang isang mahalagang mapagkukunan sa kanilang paghahanap ng kahulugan at identidad (Saarikallio, 2019). Ang pag-aaral ng musika at pagkakakilanlan ay nagbubukas ng isang nakakaintrigang usapin kung paano nakakaapekto ang ating mga kagustuhan sa musika sa kung sino tayo bilang mga indibidwal. Ang pag-aaral na ito ay nagpapaalala sa atin na ang musika ay higit pa sa isang libangan, kundi isang makapangyarihang kasangkapan na tumutulong sa atin na magkaroon ng kahulugan, magkaroon ng koneksyon, at magkaroon ng pagkakakilanlan. Ang pag-unawa sa papel ng musika sa ating buhay ay makakatulong sa atin na mas maunawaan ang ating sarili at ang ating lugar sa mundo (Lamont & Hargreaves, 2019).

**Impluwensya ng Musika sa Panlipunan**

Ang musika ay uri ng sining na nagpapahayag ng ng damdamin sa pamamagitan ng pag-awit o pagtugtog ng instrumento at mayroon din itong kakayang makaimpluwensya sa ating kultura at lipunan. Ito ay nagbibigay-daan sa isang indibidwal na ipahayag ang lahat ng emosyon na nararanasan sa kanilang buhay at lipunan. Nakakatulong ang musika upang maipahayag ang kaisipan, damdamin at higit sa lahat ang pagkamalikhain. May lakas ito na pagsama-samahin ang ang lahat ng tao sa iba't ibang paraan at nakakatulong isang tao sa iba't ibang kondisyon ng emosyon at pag-iisip. Ang impluwensya nito ay isang panlipunang kababalaghan na naroon sa iba't ibang dako at may kakayahang hubugin ang kultura at lipunan. Ito ay may sariling mga kultural na halaga. Sinusubukan ng pananaliksik na ituro ang impluwensya ng musika isang lipunan at kultura at ang pangunahing layunin ng pananaliksik ay tukuyin ang koneksyon sa ng musika sa kultura at lipunan. Dagdag pa, ang pananaliksik na ito on ay sumusunod sa pamamaraang "kuwalitatibong pagsusuri ng datos" upang malaman ang mga impluwensya ng musika

sa kultura at lipunan. Ito ay tututok din sa sa mga iba't ibang salik ng musika na nakaiimpluwensya sa isang lipunan. Bukod pa rito, ang pananaliksik ay nagbibigay-diin sa ebolusyon ng musika at kung paano nakaimpluwensya ang ebolusyon na ito sa pag-iisip ng mga tao sa lipunan (Shanmugaboopathi & Catoto, 2022).

Sa pag-aaral na ito, tinutukoy ang impluwensya ng musika sa emosyon ng bawat indibidwal sa lipunan. Sinasabi ng pag-aaral na ito kung paano naiimpluwensyahan ng musika ang emosyon ng mga tao. Sa halip na simpleng gamitin ang musika upang pukawin ang emosyon. Natuklasan na ang pagkagusto sa musika ay may malaking impluwensya sa kung paano nararamdaman at naintindihan ng utak ang iba't ibang emosyon. Ang pagsama-sama ng iba't ibang uri ng datos ay nagresulta sa mas tumpak na pagkilala ng emosyon. Ang pag-aaral na ito ay nagbibigay ng isang bagong pananaw sa mga iba't ibang antas ng pagkagusto sa musika, na nagpapalalim sa ating pag-unawa sa kumplikadong interaksyon sa pagitan ng musika at emosyon. Ang musika ay may malalim at malawak na impluwensya sa emosyon ng bawat tao sa lipunan, na umaabot sa iba't ibang aspeto ng karanasan ng tao. Hindi lamang ito isang sining, kundi ito ay may kakayahang palakasin, baguhin, at pukawin ang ating damdamin. Ang melodiya at harmony ay may malaking papel sa pagtukoy ng emosyonal na kalidad ng musika at ang pagtaas o pagbaba ng tono, ay maaari rin itong makaapekto sa ating emosyon (Naser & Saha, 2021).

Sa karagdagan, ang impluwensya ng musika sa emosyon ng bawat tao sa ating lipunan ay isang paksa na pinag-aralan ng matagal ng mga iskolar mula sa iba't ibang larangan, kabilang na rin dito ang sikolohiya. Ang pag-aaral na binanggit, na gumagamit ng *event-related potential* (ERP) *technology,* ay nagbibigay ng mga pananaw kung paano nakaimpluwensya ang musika, sa ating emosyonal na pag-unawa. Ang mabilis na ritmo ay maaaring magdulot ng pagkasigla o kagalakan, samantalang ang mabagal na ritmo ay maaaring magdulot ng kalmado o pagmumuni-muni. Ang harmonya, bilang ang sabay-sabay na pagtugtog ng mga nota, ay may malaking impluwensya sa ating emosyonal na pag-unawa sa musika. Ang timbre ay maaari ring magdulot ng iba't ibang emosyon. Bukod pa rito, ang konteksto kunt saan naririnig ang musika ay mayroon ding malaking impluwensya sa ating emosyonal na tugon. Ang isang musika na nakakapagdulot ng kasiyahan sa isang sitwasyon ay maaaring magdulot ng pag-asa sa ibang sitwasyon. Ang nga personal na karanasan na nauugnay sa isang bahagi ng musika ay maaari ring magbago sa ating emosyonal na tugon. Ang impluwensya ng musika sa emosyon ay isang komplikadong proseso na hindi maipaliwanag lamang sa pamamagitan ng solong elemento. Ang pag-unawa sa mga interaksyon ng mga elementong ito ay mahalaga upang lubos na maintindihan ang malawak na impluwensya ng musika sa ating emosyon na maaaring makaapekto sa ating lipunan (Leng et al., 2025).

Ang musika ay isang sinaunang anyo ng sining na nagsimula noong unang bahagi ng panahon. Kasama itong naglakad sa kasaysayan ng bawat kultura ng tao sa buong panahon. Ito ay may malakas na impluwensya sa tradisyonal na media ng komunikasyon sa ating lipunan. Ayon sa pag-aaral, ito ay lubhang kapaki-pakinabang na kasangkapan sa komunikasyon at impormasyon. Sa paglalakbay nito sa bawat kultura at panahon, naging tulay ito ng pagkakaisa, tagapagdala ng kaalaman, at tagapag-ingat ng tradisyon. Higit pa sa pagiging aliw, ang musika ay may lakas na makaimpluwensya at nagsisilbing epektibong kasangkapan sa paghahatid ng mahalagang mensahe. Ang impluwensya nito sa tradisyunal na *media* ng komunikasyon sa mga rural na komunidad, tulad ng mga kuwentuhan, pagsasalaysay, at mga ritwal, ay lubos na nakikinabang sa Impluwensya ng musika. Nagagamit ito upang mapaigting ang emosyonal na koneksyon sa mga tagapakinig, gawin itong mas madaling matandaan ang mga mahahalagang aral, at maipasa ang mga kaugalian. Ang paggamit ng mga instrumentong pangmusika ay

nagdaragdag pa sa Impluwensya ng musika sa tradisyunal na media ng komunikasyon. Nagpapakita rin ito ng malalim na ugnayan sa pagpanatili ng kultura (Udoh, 2023).

Ang musika ay nakaiimpluwensya sa pagbabawas ng pagkabalisa sa bawat tao sa ating lipunan Sa pag-aaral na ito ay tinutukoy kung paano nga ba nakaiimpluwensya at nakatutulong ang musika sa mabawasan ang pagkabalisa ng isang tao. Ang isang pangunahing mekanismo ay ang epekto ng musika sa *autonomic nervous system*. Ang pakikinig sa nakakarelaks na musika ay maaaring mag-*activate* ng *parasympathetic nervous system*, na responsable sa "*rest and digest*" na tugon ng ating katawan. Ito ay nag reresulta sa pagbaba ng *rate* ng puso, presyon ng dugo, at mga antas ng *cortisol*, ang *stress hormone*. Ang mga tugon na ito ay maaaring maging malalim at pangmatagalan, na nag-aambag sa pangkalahatang pagpapabuti ng mood at pagbabawas ng pagkabalisa. Ang pakikinig sa musika ay maaaring magbigay ng isang pakiramdam ng kontrol at pag-asa sa isang sitwasyon na maaaring maging nakakatakot at hindi mahuhulaan. Ang pakiramdam ng pagiging kalmado at pagrerelaks na dulot ng musika ay maaaring magbigay ng isang pakiramdam ng seguridad at kapanatagan, na nagpapababa ng pangkalahatang antas ng pagkabalisa. Ang pag-aaral na ito ay matibay na ebidensya na ang musika ay hindi lamang isang simpleng distraksyon, kundi ito ay may lakas na mabawasan ang pagkabalisa ng bawat tao sa ating lipunan. Gayunpaman, ang impluwensya ng musika ay isang malakas na kasangkapan na maaaring magamit sa pagbabawas ng pagkabalisa. Ang iba't ibang epekto nito sa ating utak at katawan ay nakatutulong sa pagrerelaks, pagkalma, at pag kontrol ng emosyon. Ang pagpili ng tamang uri ng musika at ang madalas na pakikinig dito ay maaaring magkaroon ng postibong epekto (Lorca, 2022).

**Pagsusuri ng Liriko**

Ang pagsusuri ng liriko ay isang pag-aaral na gumagamit ng naratibong pagsusuri upang tukuyin ang malalim na pilosopikal at kultural na kahulugan na nakapaloob sa mga liriko ng mga ng mga awitin. Nilalayon nitong ipakita kung paano ang mga awiting ito ay sumasalamin sa identidad at pananaw ng bawat komunidad. Hindi ito basta pagbabasa at pag-unawa sa literal na kahulugan ng mga salita, kundi isang masusing pagsusuri na gumagamit ng naratibong pagsusuri bilang metodolohiya. Ang naratibong pagsusuri ay isang paraan ng pag-aaral na nakatuon sa pagsusuri ng mga kwento, salaysay, at mga naratibo upang maunawaan ang mga kahulugan at konteksto nito. Sa kontekstong ito, ang mga liriko ng mga awitin ay tinitingnan bilang mga naratibo na nagdadala ng mga mensahe at kahulugan na sumasalamin sa kultura at pananaw ng mga komunidad na lumikha at nagpapanatili nito. Ang layunin ng pagsusuri ay hindi lamang ang pag-alam sa kung ano ang sinasabi ng mga liriko, kundi ang pag-unawa sa bakit sinasabi ito. Ang mga liriko ay tinitingnan bilang mga produkto ng isang partikular na kultura at panahon, na naglalaman ng mga paniniwala, halaga, at karanasan ng mga tao. Ang pagsusuri ay naghahanap ng mga simbolismo, metapora, at iba pang mga tayutay na maaaring magbigay ng mas malalim na kahulugan sa mga liriko. Ang pag-aaral ay naglalayong ipakita kung paano ang mga awitin ay hindi lamang mga anyo ng libangan, kundi mga tagapagdala ng kultura at identidad ng mga komunidad. Ang pagkakaiba-iba ng mga wika at diyalekto sa isang bansa ay nagbibigay ng mas malawak na saklaw sa pag-aaral, dahil ang bawat rehiyon ay may natatanging mga awitin na nagsasalaysay ng kanilang sariling mga karanasan at pananaw. Sa huli, ang pagsusuri ng liriko ay naglalayong magbigay ng mas malalim na pag-unawa sa kultura at kasaysayan ng bansa sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga awitin (Saripudin et al., 2024).

Sa pagsusuri ng liriko, partikular sa mga piling awitin at romantikong tula, ay nakatuon sa malalimang pagsusuri ng bokabularyo. Hindi lamang ang literal na kahulugan ng mga salita ang pinagtuunan ng pansin, kundi pati na rin ang kanilang tunog, estruktura, at ipinahihiwatig na kahulugan. Kinikilala ng pag-

aaral na ang mga salita sa awitin at mga tula ay madalas na ginagamit nang simbolikal, na may mga patagong kahulugan na nangangailangan ng masusing pagsusuri upang maunawaan. Ang sinasabi ng pag-aaral sa pagsusuri ng liriko ay isang proseso ng malalimang pagsusuri sa mga salita at parirala sa isang awitin at tula upang maunawaan ang mga nakatagong kahulugan at simbolismo nito. Ang layunin ay upang maipaliwanag ang mas malalim na damdamin, kaisipan, at mensahe ng may-akda. Ang pagsusuri ay nagsisimula sa pagkilala sa mga salita at parirala na may potensyal na magkaroon ng nakatagong kahulugan o simbolismo. Ito ay maaaring maging mga salita na may maraming kahulugan, mga tayutay tulad ng metapora at simile, o mga paulit-ulit na imahe o motibo. Ang tunog ng mga salita, ang kanilang estruktura (halimbawa, ang paggamit ng aliterasyon o asonans), at ang kanilang ritmo at metro ay maaari ring magbigay ng mga pahiwatig sa mas malalim na kahulugan. Dagdag pa rito, ang panahon kung kailan isinulat ang awitin o tula, ang buhay ng may-akda, at ang mga pangyayaring pangkasaysayan o panlipunan na maaaring nakaapekto sa awitin o tula ay maaaring magbigay ng liwanag sa mga nakatagong kahulugan. Ang pagsusuri ay naglalayong maunawaan ang mga damdamin, kaisipan, at mensahe ng may-akda na ipinahayag sa pamamagitan ng mga piling salita at parirala. Ito ay isang interpretatibong proseso, kung saan ang *analyst* ay nagbibigay ng kanyang sariling pag-unawa sa tula batay sa kanyang pag-aaral at pagsusuri (Aghahoseini & Ebrahimi, 2025).

Ang pagsusuri ng liriko ay nagpapakita na ang pagiging simple ng mga liriko ay isang estratehiya upang makipagkumpitensya sa masikip at mabilisang merkado ng musika. Ito ay nagpapakita ng isang ugnayan sa pagitan ng pagiging simple ng mga liriko ng kilala na musika at ang dami ng mga bagong kanta na inilalabas. Sa pagdami ng pagpipilian, ang mga awiting may madaling maunawaang mensahe ay mas nagiging dominanteng bahagi ng kilala na kultura. Ang pagtaas ng kompetisyon sa industriya ng musika, na resulta ng pagdami ng mga bagong kanta, ay nagtutulak sa mga musikero na lumikha ng mga kanta na may mas simpleng liriko. Sa isang merkado na may labis na dami ng pagpipilian, ang mga simpleng liriko ay mas madaling maunawaan at matandaan, kaya mas malamang na maging kilala ang mga ito. Ito ay isang estratehiya upang makuha ang atensyon ng mga tagapakinig sa isang maikling panahon sa gitna ng napakaraming iba pang mga kanta na nakikipagkumpitensya para sa kanilang atensyon. Gayunman, mahalagang tandaan na ang pagiging simple ng liriko ay hindi kailangang mangahulugan ng mababaw na mensahe (Grossmann et al., 2021).

Ang pag-aaral na ito ay naglalahad ng isang kapana-panabik na pag-aaral sa paggamit ng mga liriko. Ang pangunahing layunin ng pag-aaral ay upang matukoy kung ang mga liriko ng awit ay maaaring magamit upang makilala ang mga natural na klase ng genre ng musika. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga liriko, maaaring makilala ang mga tema, mensahe, at konteksto ng kultura ng isang awit. Ito ay nagpakita ng kahalagahan ng pag-aaral ng mga liriko ng kanta upang maunawaan ang tunay na kahulugan ng mga ito. Ang pag-aaral ay nagpakita rin ng potensyal ng mga liriko ng kanta bilang isang kasangkapan sa pagtuturo ng Ingles bilang isang wikang banyaga (Amalia et al., 2024).

Ang musika, higit pa sa simpleng pagsasama-sama ng mga nota at ritmo, ay isang makapangyarihang daluyan ng komunikasyon na lumalampas sa mga hangganan ng wika at kultura. Ito ay isang unibersal na wika na nagsasalita sa kaluluwa, na nagdadala ng mga emosyon na hindi kayang ipahayag ng mga salita lamang. Ang pagsusuri sa mga liriko ay hindi lamang pagbabasa ng mga salita; ito ay isang paglalakbay sa pagtuklas ng mga nakatagong kahulugan at mga emosyong nakapaloob sa musikal na ekspresyon. Sa pagsasaliksik ng simbolismo, nalalampasan natin ang simpleng interpretasyon at nakakarating sa mas malalim na pag-unawa sa sining ng musika (Rosita et al., 2019).

**Kahalagahan ng Pag-aaral**

Ang diskursong pagsusuri sa kahalagahan ng orihinal na awitin ng SB19 ay mahalaga dahil nagbibigay ito ng mas malalim na pag-unawa sa kanilang musika, nagpapalawak ng diskurso sa musika ng Pilipinas, nag-aambag sa pagpapahalaga sa kulturang Pilipino, at nagbibigay ng inspirasyon sa iba pang mananaliksik na mag-aral ng musika ng Pilipinas. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa sining at mensahe sa kanilang mga awitin, naipapakita ang makabuluhang kontribusyon ng SB19 sa industriya ng musika sa Pilipinas at sa pagpapayaman ng kulturang Pilipino. Ang pananaliksik na ito ay magbibigay ng mahalagang kontribusyon sa mga **P-pop artist.** Bagama't ang paksa ay nakatuon sa musika ng isang popular na grupo, ang mga konsepto at pag-aaral na nakapaloob dito ay maaaring magamit upang mapabuti ang edukasyon ng mga **mag-aaral** sa iba't ibang antas. Ang pagsusuri sa sining at mensahe sa mga awitin ng SB19 ay nagbibigay ng pananaw sa paggamit ng musika bilang isang kasangkapan para sa pag-aaral at pagpapahayag. Ang mga awitin ay nagtataglay ng mga konseptong pangkultura, panlipunan, at pang-emosyonal na maaaring magamit upang mapukaw ang interes ng mga **kabataan** sa modernong panahon. Ito ay maaaring magbigay ng pagkakataon na masuri at mas maunawaan din ng mga **mananaliksik** na hinaharap ang iba't ibang paraan ng pagpapahayag ng sining at ang mga mensahe na nais iparating ng mga ito at magsanay sa pagsusuri ng mga teksto, pag-unawa sa mga konsepto, at pagbuo ng mga argumento. ang mga awitin ng SB19 mula sa iba't ibang pananaw. Maaaring pag-aralan ang mga elemento ng musika tulad ng ritmo, melodiya, at himig, pati na rin ang mga liriko at konteksto ng mga awitin.

**Katuturan ng mga Salitang Ginamit**

Ang mga salitang ito ay binigyan ng kahulugan, parehong konseptwal at operasyonal, ayon sa kung paano ginamit ang mga ito sa pananaliksik.

**Diskursong Pagsusuri**. Ang diskursong pagsusuri ay isang paraan ng pag-aaral na tumutukoy sa pagsusuri ng mga salita, teksto, o iba pang anyo ng komunikasyon upang maunawaan ang mga kahulugan at mensahe na nakapaloob dito. Sa konteksto ng pag-aaral na ito, ang diskursong pagsusuri ay ginagamit upang suriin ang mga liriko ng mga awitin ng SB19.

**SB19.** Ito ay isang grupo ng P-Pop na nagmula sa Pilipinas. Sila ay kilala sa kanilang mga orihinal na awitin, na naglalaman ng mga mensahe ng pag-asa, pagkakaisa, at pagmamahal sa bayan. Ang kanilang mga performance ay kapansin-pansin dahil sa kanilang mahusay na pagsasayaw at malakas na presensya sa entablado. Bukod sa kanilang musika, aktibo rin ang SB19 sa pagsuporta sa iba't ibang kawanggawa at pagtaguyod ng mga adbokasiya na may kinalaman sa mga kabataan at sa bayan. Sila ay itinuturing na isa sa mga nangungunang grupo sa P-Pop scene, na nagkamit na ng maraming parangal at nakakuha ng malawak na tagahanga sa loob at labas ng Pilipinas.

**Limitasyon at Delimitasyon ng Pag-aaral**

Ang pag-aaral na ito ay isang diskursong pagsusuri na naglalayong tukuyin ang sining at mensahe sa mga piling orihinal na awitin ng SB19. Gamit ang isang kwalitatibong diskursong pag-aaral, partikular ang tematikong pagsusuri at interpretatibong pagsusuri, susuriin ang mga napiling awitin batay sa kanilang liriko, melodiya, ritmo, at kabuuang presentasyon. Ang pagpili ng mga awitin ay gagawin batay sa kanilang popularidad, representasyon ng iba't ibang tema at istilo ng grupo.

Gayunpaman, kinikilala ang mga limitasyon ng pag-aaral na ito. Dahil sa pagiging subhetibo ng interpretatibong pagsusuri, ang mga konklusyon ay maaaring magkaroon ng bias batay sa pananaw ng mananaliksik. Ang pag-aaral ay limitadong sa mga piling awitin lamang ng SB19, at hindi sumasaklaw sa

lahat ng kanilang mga gawa. Sa huli, ang pag-aaral na ito ay nagbibigay lamang ng isang pananaw sa kahalagahan ng mga piling orihinal na awitin ng SB19 at hindi ito naglalayong maging isang komprehensibong pagsusuri sa lahat ng aspeto ng kanilang musika.

Sa pagsusuri ng limampu't isang orihinal na mga awitin ng SB19 na isinulat at ginawa ng mga miyembro ay mahalagang isaalang-alang ang pagkakaisa ng musika, liriko, at pagtatanghal. Susuriin ang orihinalidad at kalidad ng komposisyon ng musika, kung gaano ito kaepektibo sa paghahatid ng emosyon at mensahe ng kanta. Pagkatapos ay susuriin ang lalim at kahulugan ng liriko, ang pagkamalikhain sa paggamit ng wika, at kung gaano ito kaangkop sa kabuuang tema.

**Kabanata 2**

## METODOLOHIYA

Inilalahad sa kabanatang ito ang mga pamamaraan ng pananaliksik na gagamit sa kwalitatibong pag-aaral na ito. Sakop nito ang disenyo ng pag-aaral, ang papel ng mananaliksik, ang mga kagamitan, ang pinagkunan ng datos, at ang paraan ng pagsusuri ng datos. Tinalakay din dito ang pagiging maaasahan ng pag-aaral at ang mga etikal na isyu na may kaugnayan sa pananaliksik.

### Disenyo ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay gagamit ng isang kwalitatibong disenyo ng pananaliksik na may estruktural na pagsusuri. Pinili ang kwalitatibong pamamaraan dahil angkop ito sa pagkuha at pagpapakahulugan ng mga hindi-numerikal na datos upang masuri at maunawaan ang pinag-aaralang penomena (Lim, 2024).

Nilalayon ng pag-aaral na ito na lubusang maunawaan ang sining at mensahe sa mga orihinal na kanta ng SB19, partikular ang koneksyon nito sa pagiging Pilipino at sa kulturang Pilipino. Gamit ang diskursong pagsusuri, susuriin ang mga liriko, melodiya, ritmo, at iba pang elemento ng mga kanta mula sa iba't ibang pinagkukunan. Ang pagsusuring ito ay magbibigay ng detalyadong paglalarawan at pagpapaliwanag sa kahalagahan at impluwensiya ng mga kanta sa kasalukuyang kultura.

Ang paggamit ng kwalitatibong pananaliksik ay nagdudulot nga ng hamon dahil sa mahabang proseso ng pagsusuri ng datos. Ngunit ang paglalaan ng panahon at pagsisikap na ito ay nagbubunga ng mas malalim at mas mayamang pag-unawa kaysa sa mga pamamaraang kwantitatibo. Ang mga indibidwal na karanasan at perspektiba ay binibigyang-halaga, na nagbibigay ng mas malinaw na larawan ng pinag-aaralan. (Marshall & Naff, 2024).

Ang pagsusuri ng datos, na kadalasang binubuo ng mga salita, kuwento, at obserbasyon, ay nangangailangan ng masusing atensiyon at pag-iisip. Hindi ito basta simpleng pagkalkula ng mga numero, kundi paglalim sa mga konteksto, pag-unawa sa mga kumplikadong relasyon, at pagbibigay-kahulugan sa mga karanasan. Ngunit ang pagsisikap na ito ay hindi lamang isang hamon, kundi isang pagkakataon.

### Tungkulin ng Mananaliksik

Ang tungkulin bilang mananaliksik, ay maglingkod bilang tagapag-alam at tagapag-aral ng mga datos at impormasyon na makakatulong sa pag-unawa at pagpapabuti ng pangangalaga sa kalusugan. Sila ay responsable sa pagsasagawa ng pananaliksik, pagsusuri ng mga datos, at pagbibigay ng interpretasyon sa mga natuklasan. Isa pang mahalagang tungkulin ng mananaliksik sa aksyon ay ang maging tagapagpatupad ng programa na kanilang pinag-aaralan. Ito ay nangangahulugang sila ay hindi lamang tagapag-aral ng programa kundi sila rin mismo ang nagpapatupad nito sa pamamagitan ng paglunsad,

pagsasagawa, at pagsusuri ng mga hakbang na kinakailangan para sa pagpapabuti ng kalagayan ng mga partisipante (Trondsen &.Sandaunet, 2009).

Sa larangan ng kwalitatibong pananaliksik, ang mananaliksik ang siyang pangunahing instrumento sa pagkuha ng datos at pag-unawa sa mga konsepto. Sa pamamagitan ng kanyang pakikipag-ugnayan sa mga kalahok, ay nagsisilbing tulay sa pagitan ng mga datos at ng mga interpretasyon. Kailangan niyang maging maingat sa pagsusuri ng mga datos, paghahanap ng mga pattern, at pagbibigay ng kahulugan sa mga natuklasan. Ang kanyang sariling karanasan, pananaw, at mga teorya ay maaaring makaimpluwensya sa kanyang interpretasyon, kaya mahalaga na maging maingat siya sa pag-iwas sa bias at pagiging patas sa kanyang pagsusuri. Bilang karagdagan sa pagiging pangunahing instrumento sa pagkalap ng datos, ay mayroong mahalagang papel sa pag-impluwensya sa pagbuo ng mga salaysay ng mga kalahok at sa pagsusuri ng mga datos upang makuha ang mga makabuluhang *insight* mula sa mga salaysay (Slembrouck, 2015).

**Materyal sa Pananaliksik**

Ang pag-aaral na ito ay gumagamit ng mga piling orihinal na awitin ng SB19 bilang pangunahing sanggunian. Isang maingat na seleksiyon ng limampu't isang awitin ang magsilbing pundasyon ng pananaliksik. Ang pagpili ng mga awiting ito ay pinagbatayan ng isang partikular na pamantayan. Ang pagpapakita ng malinaw at makabuluhang tema hinggil sa pagkakakilanlang Pilipino. Ang temang ito ang siyang pangunahing pokus ng pagsusuri at interpretasyon sa buong pag-aaral. Layunin nitong matiyak ang kalidad at bisa ng mga datos, at sa huli, ang kawastuhan at kredibilidad ng mga resulta ng pag-aaral. Ang maingat na pagpili ng mga awitin ay alinsunod sa mga prinsipyo ng kwalitatibong pananaliksik na nagbibigay-diin sa pagpili ng mga datos na mayaman sa impormasyon at may kaugnayan sa pananaliksik (Johnstone & Andrus, 2024).

Sa pamamagitan nito, tinitiyak ng mananaliksik ang kredibilidad at bisa ng mga resulta ng pag-aaral. Ang pagsusuri sa mga liriko ay magbibigay-daan sa pag-unawa sa mga temang lumalabas, mga simbolismo, at mga mensaheng nais ipahayag ng grupo. Ang mga nalathalang artikulo at pagsusuri sa musika ng SB19 ay gagamitin upang makakuha ng mas malalim na konteksto sa kanilang impluwensya sa industriya ng musika sa Pilipinas (Cope, 2013)

**Pangangalap ng Datos**

Ang pagkalap ng datos para sa pag-aaral na ito ay isinagawa sa pamamagitan ng isang serye ng mga yugto tulad ng pagkuha ng *access* sa mga kinakailangang impormasyon, pagpili ng mga datos gamit ang *purposive sampling*, maingat na pag-*record*, at ligtas na pag-iimbak.

Sa unang yugto ng pangangalap ng datos, binuo muna ang isang plano na kinabibilangan ng pakikipagtulungan sa tagapayo. Ang gabay at mga layunin ng tagapayo ay naging mahalaga sa pagtukoy ng mga hakbang at sa pagkuha ng mga kinakailangang impormasyon para sa pag-aaral.

Pangalawa, sa proseso ng pagkalap ng datos, sa pagpili ng mga awiting ito ay isinagawa nang may pagsunod sa mga etikal na alituntunin sa pananaliksik, na tinitiyak ang paggalang sa mga karapatan ng mga may-kaugnayan. Bukod sa *YouTube* at *Spotify,* ang karagdagang impormasyon ay nakuha rin mula sa mga opisyal na social media accounts ng SB19 at mga artikulo mula sa mga pinagkakatiwalaang online publications.

Panghuli, ang tagapayo ng mananaliksik ay tumulong sa kaniya sa pagwawasto at maingat na sinuri at binigyang-halaga ng mananaliksik ang katumpakan ng mga nakalap na datos. Ang prosesong ito ay hindi

lamang nakatutok sa pagwawasto ng mga posibleng kamalian, kundi ay naglalayon din na matiyak na ang interpretasyon ng mga datos ay naaayon sa mga umiiral na pamantayan ng pag-unlad ng wika at sa mas malawak na konteksto ng mga panlipunang pagbabago at krisis. Ang gabay ng tagapayo ay naging mahalaga sa pag-analisa ng mga implikasyon ng mga natuklasan at sa pagbibigay ng isang balanseng perspektiba sa pag-aaral.

**Pag-aanalisa ng mga Datos**

Ang lahat ng datos sa pag-aaral na ito ay makakalap at makokolekta sa pamamagitan ng masusing pag-aanalisa sa kahalagahan ng mga orihinal na awitin ng SB19.

Ang pagsusuri ng kwalitatibong datos (*Qualitative Data Analysis o QDA*) ay ang sistematikong pag-ayos, interpretasyon, at pagbibigay-kahulugan sa hindi-numerikal na impormasyon upang matukoy ang mga tema, at masagot ang mga katanungan sa pananaliksik. Upang maayos na maisagawa ang gawain sa pagpili, pagtukoy at pagsusuri ng mga datos sa napiling korpora ng pag-aaral na ito. Ang unang hakbang ay pagtukoy sa yunit ng pag-aanalisa kung saan ang mga salita o pahayag na nakalap mula sa mga piling kanta ang datos na susuriin sa pag-aaral na ito. Upang masagot ang unang katanungan ng pag-aaral ay gagamitin ng mananaliksik ang teoryang *Critical Discourse Analysis* ni Fairclough (1995) para sa pagsusuri sa kahalagahan ng orihinal na awitin ng SB19.

Para naman masagot ang ikalawang katanungan ay gagamitin ng mananaliksik ang teoryang *Semantic Theory* ni Leech (1974) para matukoy ang iba't ibang pagpapakahulugan sa mga orihinal na awitin ng SB19 batay sa konteksto.

Ang pangatlong hakbang ay ang pagrebyu at paggawa ng konklusyon. Ilalahad ng mananaliksik ang kanyang interpretasyon at konklusyon mula sa isinagawang pagsusuri hinggil sa kahalagahan ng mga orihinal na awitin ng SB19 na nangunguna sa industriya ng musika sa Pilipinas sa kasalukuyan. Gamit ang mga tanong sa pananaliksik bilang gabay, susuriin ng mananaliksik ang nakalap na datos upang masagot ang mga ito sa pamamagitan ng mga inilahad na teorya at sariling interpretasyon na nakabatay sa malawak na pag-unawa at pagsusuri ng tema, mensahe, at kahulugan ng mga awitin.

Sa pagsunod ng mga nasabing hakbang, matutugunan ng mananaliksik ang layunin ng pag-aaral na masagot ang mga tanong at maibahagi ang konklusyon at rekomendasyon batay sa mga susuriing datos.

**Pagkakatiwalaan ng Pag-aaral**

Ang **kredibilidad** ng isang pag-aaral ay susi sa pagtanggap ng mga natuklasan nito. Ang isang mapagkakatiwalaang mananaliksik ay nagtataglay ng sapat na kaalaman at karanasan sa paksa, nagsasagawa ng pananaliksik nang may integridad at walang *bias,* at bukas sa paglalahad ng mga limitasyon ng pag-aaral. Ang kanyang kakayahan, kasanayan, at reputasyon ay nagpapatibay sa tiwala ng mga mambabasa. Ang pagiging *transparent* sa mga pamamaraan at ang pagkilala sa mga potensyal na limitasyon ay nagpapataas ng kredibilidad, hindi lamang ng pag-aaral, kundi pati na rin ng mananaliksik mismo. Sa huli, ang kredibilidad ay isang kombinasyon ng mahigpit na metodolohiya at ng pinagkakatiwalaang karakter ng mananaliksik. Ang pagtitiwala sa mananaliksik ay nakaugnay din sa pagsang-ayon ng mga mambabasa sa kanyang pilosopikal na pananaw, na nagpapakita na ang kredibilidad ay isang interaksyon sa pagitan ng mananaliksik at ng mambabasa (Patton, 1999).

Ang konsepto ng kredibilidad ay isang multidisiplinaryong paksa, na pinag-aaralan ng iba't ibang larangan tulad ng komunikasyon, agham ng impormasyon, at sikolohiya, na may magkakaibang pananaw. Ang pagbabago ng panahon ay nagdulot ng pagbabago rin sa kung paano natin tinitignan ang kredibilidad.

Noong nakaraan, ang mga eksperto tulad ng mga editor at mamamahayag ang pangunahing pinagkukunan ng impormasyong mapagkakatiwalaan. Ngunit sa panahon ng internet, ang pagdami ng impormasyon ay nagdulot ng pangangailangan para sa mas kritikal na pagsusuri. Ang kakayahang suriin ang kredibilidad ay isang mahalagang kasanayan sa panahon ng impormasyon kung saan ang pagiging mapanuri ay kailangan upang maiwasan ang maling impormasyon. Ang kredibilidad, samakatuwid, ay hindi na isang ibinibigay na katangian, kundi isang bagay na dapat nating aktibong suriin at husgahan (Rieh & Danielson, 2007).

Ang pagkumpirma ay isang kritikal na proseso sa pananaliksik, lalo na sa pag-iwas sa mga walang-basehang konklusyon. Ang mga mananaliksik ay dapat maging maingat na hindi maimpluwensyahan ng kanilang personal na paniniwala o pananaw, upang matiyak ang obhetibo at mapapatunayang mga resulta. Ang pag-aaral ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng empirical na ebidensya: ang mga pahayag na hindi masusuportahan ng karanasan o obserbasyon ay walang tunay na kahulugan sa konteksto ng agham at pilosopiya. Ang pagkumpirma, samakatuwid, ay hindi lamang isang hakbang sa proseso ng pananaliksik, kundi isang pundamental na prinsipyo sa pagbuo ng mga mapagkakatiwalaang konklusyon (Feigl, 1951).

Ang kakayahan sa paglilipat ay isang mahalagang katangian sa pag-aaral ng makina, lalo na sa larangan ng pagproseso ng larawan. Ang konseptong ito ay tumutukoy sa kakayahan ng isang modelo na magamit ang kaalaman na natutunan mula sa isang gawain (pinagmulang gawain) upang mapabilis at mapabuti ang pagganap nito sa isang bagong, ngunit kaugnay na gawain (target na gawain). Ang mga representasyon na natutunan sa pinagmulang gawain ay maaaring direktang makatulong sa pag-unawa ng mga bagong datos at pagpapahusay ng pagganap sa target na gawain. Ang pag-unawa at pagpapabuti ng paglilipat ay susi sa pagbuo ng mas epektibo at mahusay na mga pamamaraan sa pagproseso ng larawan (Bao et al., 2019).

Ang pagkamaasahan ay isang pundamental na katangian ng isang mahusay na pananaliksik. Tinitiyak nito sa mga mambabasa na ang mga resulta ay pare-pareho, matatag, at maaaring maulit. Ang paggamit ng maaasahang mga instrumento at pamamaraan sa pagkolekta ng datos ay mahalaga upang matiyak ang katumpakan at pagiging maaasahan ng mga natuklasan. Ang pagkamaasahan ay nagbibigay ng tiwala sa mga konklusyon ng pag-aaral, na nagpapahintulot sa pagbuo ng mga pangkalahatang konsepto at pag-unawa sa mga kaugnay na isyu. Sa madaling salita, ang pagkamaasahan ay nagsisiguro na ang mga resulta ng pananaliksik ay hindi lamang tumpak sa kasalukuyang konteksto, kundi maaari ring maulit at magamit sa iba pang mga sitwasyon (Avizienis et al., 2001).

**Etikal na Konsiderasyon**

Ang pangangalaga sa kapakanan ay dapat na maging pangunahing prayoridad sa bawat yugto ng pananaliksik. Mahalaga ang tiwala para sa isang epektibo at etikal na pag-aaral. Sinunod ko ang mga etikal na pamantayan tulad ng paggalang sa mga tao, kabutihan, katarungan, pahintulot, at kompidensyalidad. Ang tiwala ay susi sa isang matagumpay at etikal na pananaliksik (Mack et al., 2005).

Ang paggalang sa mga tao ay hindi lamang nakatuon sa mga indibidwal kundi pati na rin sa ating relasyon sa kapaligiran at sa lahat ng nabubuhay. Ang paggalang na ito ay pundamental sa etikal na pagsasagawa ng pananaliksik, na nangangailangan ng pagpapalawak at pagpapalalim ng ating pag-unawa sa mga responsibilidad natin sa bawat isa at sa mundo. Dapat tiyakin na hindi ginagamit ang mga tao bilang instrumento upang makamit ang mga layunin ng pag-aaral, kundi iginagalang ang kanilang dignidad at karapatan (Frankena, 1986).

Ang kabutihan ay may mahalagang papel sa pananaliksik dahil tinitiyak nito na ang pag-aaral ay isinasagawa nang may paggalang sa dignidad at kapakanan. Ito ay hindi lamang pag-iwas sa anumang

maaaring makasama sa kanila, kundi ang aktibong pagsusulong ng kanilang kapakanan. Ang pagsunod sa prinsipyo ng kabutihan sa pananaliksik ay nagbubunga ng mas mahusay, mas etikal, at mas makabuluhang mga resulta (Beauchamp, 2008).

Sinimulan ng pag-aaral ang pagsusuri sa iba't ibang interpretasyon ng "pagkakapantay-pantay" sa pananaliksik. Ang konsepto ng katarungan, mula sa isang pangkalahatang prinsipyo, ay binigyang-kahulugan bilang "pagiging patas" o "pagkakapantay-pantay" sa praktikal na aplikasyon nito sa pananaliksik. Ang pagsunod sa prinsipyong ito ay nagsisiguro ng etikal, makabuluhan, at kapaki-pakinabang na pag-aaral (Nukaga, 2016).

Ang pahintulot ay isang kritikal na aspeto ng etikal na pananaliksik. Hindi ito basta pagkuha ng pirma, kundi ang pagtiyak na ang mga kalahok ay may sapat na kaalaman upang gumawa ng isang malaya at matalinong desisyon kung sasali sila sa pag-aaral. Ang layunin nito ay protektahan ang kanilang mga karapatan at kapakanan. Hindi lamang ito ang pagkuha ng pirma, kundi isang proseso ng edukasyon at pag-unawa (Perrault & Nazione, 2016).

Ang kompidensyalidad ay ang pangako ng mga mananaliksik na protektahan ang personal na impormasyon ng mga nasa pag-aaral. Ang pagpapanatili ng pribadong impormasyon ay nagtataguyod ng tiwala, na humahantong sa mas bukas at tapat na pagtugon, at sa huli, mas tumpak at makabuluhang datos. Ang proteksyon ng pagkakakilanlan ay mahalaga para sa integridad ng datos at sa pagbuo ng bagong kaalaman. Ang pagpapanatili ng kompidensyalidad ay hindi lamang nagpoprotekta sa personal na impormasyon mula sa potensyal na pinsala, ngunit nagtataguyod din ng mas bukas at tapat na pakikipagtulungan. Kapag alam ng mga kalahok na ang kanilang mga sagot ay mananatiling pribado at kumpidensyal, mas malamang na magbigay sila ng mas tumpak at detalyadong impormasyon, na humahantong sa mas mayamang datos at mas makabuluhang mga resulta ng pananaliksik (Wiles et al., 2008).

## Kabanata 3
## RESULTA

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng mga resulta ng pag-aaral ukol sa diskursong pagsusuri ng mga kahalagahan ng orihinal na awitin ng SB19. Ang presentasyon ng mga resulta ay inaayos ayon sa mga tema at kategoryang nabuo mula sa pagsusuri, na sinusundan ng interpretasyon at pagtalakay ng mga implikasyon nito. Sinuri ang limampu't isang (51) orihinal na awitin batay sa teorya ni Fairclough (1995) upang matukoy ang mga salita o pahayag na nakalap mula sa orihinal na awitin.

1. Ano-ano ang mga linggwistikong elemento ng mga orihinal na awitin ng SB19 sa paggamit ng wika sa lipunan?
2. Ano-ano ang semantikong pagpapakahulugan na makikita sa mga orihinal na awitin ng SB19?

Bawat makikita sa nga orihinal na awitin bilang korpora ay masusing sinuri. Sa talahanayan 1, makikita kung ano-anong mga salitang linggwistikong elemento ng mga orihinal na awitin ng SB19 batay sa *Critical Discourse Analysis* ni Norman Fairclough (1995). Samantalang ang talahanayan 2 naman ay ang bahagi kung saan makikita ang mga semantikong pagpapakahulugan. Ang pagpapahalaga ng mga orihinal na awitin. Ipinapikita sa mga talahayan ang mga kadalasang ginagamit sa mga kanta ng SB19 ay ang wikang Filipino ngunit may kasamang paggamit din ng ingles.

**Unang katanungan ng pananaliksik:** Ano-ano ang mg linggwistikong elemento ng mga orihinal na awitin ng SB19 sa paggamit ng wikang Lipunan?

Sa bahaging ito ay naglalayong alamin at unawain ang kahalagan ng orihinal na awitin ng SB19, nagpapakita ito ng makulay at makapangyarihang gamit ang wika sa pagpapahayag ng kanilang mga mensahe sa lipunan. Bukod dito, ang mga bahagi na nakalap ng mga linggwistikong elemento na mula sa awtor na si Norman Fairclough (1995) ay siyang nagsisilbing hanguan ng korpora ng pananaliksik.
Ilalahad sa talahanayan kung ano-ano ang mga kahalagahan ng orihinal na awitin sa mga kanta na gumagamit ng wikang lipunan nakapaloob sa 51 na kanta at pati na rin ang mga nakalap na bahagi ng naglalahad sa kanilang kanta. Ayon sa mga bahagi sa pagbuo ng salita sa mga liriko na natagpuan sa mga kanta ay sumusunod: (1) tugma, (2) anaphora, (3) epistrope, (4) alterasyon, (5) metapora, (6) asonansiy, (7) slang.

**Talahanayan 1**
**Linggwistikong elemento sa orihinal na awitin ng SB199**

| Mga inggwistikong elemento | Sampol | Analsis |
|---|---|---|
| **Tugma**<br>**(Rhyme)** | Ito'ng aking <u>pinapangako</u> Hinding-hindi <u>susuko</u><br>**(AS_001)** | Ang saknong na ito ay halimbawa ng tugmang ganap. Ang "pinapangako" at "susuko" ay nagpapakita ng tugmang ganap dahil sa eksaktong pagkakatugma ng kanilang mga huling pantig na "ko." |
| | 'Wag <u>mag-alala</u><br>Ipikit ang 'yong <u>mata</u> **(AS_005)** | Ito ay isang tugmang di-ganap. Ang "mag-alala" ay nagtatapos sa "la" habang ang "mata" ay nagtatapos sa "ta." Ang pagkakaibang ito ay pumipigil sa kanila na maging isang perpektong tugma. Kahit magkapareho sila ng tunog dahil sa patinig "a.” |
| | Dito na <u>*crumossover*</u> Biglang pinasa do'n sa *three* <u>*pointer*</u> sa may <u>*corner*</u> Nagmala-MJ na pumeke dila it's <u>*over*</u> **(AS_006)** | Ang saknong na ito ay isang tugmang ganap. Ang salitang "*crumossover*", "*pointer*", "*corner*" at "*over*" ay magkatugma dahil ang mga salita ay nagtatapos sa parihong pantig na "er." |
| | *Heaven* ay parang malayo sa <u>katotohanan</u> Bigla nang iyong <u>hawakan</u><br>**(AS_007)** | Ang "katotohanan" at "hawakan" ay isang halimbawa ng tugmang di-ganap. Mayroon silang pagkakatulad sa tunog, ngunit |

| | | |
|---|---|---|
| | | hindi sila eksaktong magkapareho. |
| | 'pag tinopak talagang mag-iingay (gento) Gento gento 'Di 'to basta-basta bingo bingo **(AS_009)** | Ang "bingo" at "gento" ay isang halimbawa ng tugmang di-ganap o malapit na tugma. Bagamat may pagkakatugma sa tunog, hindi sila eksaktong pareho. Ang pagkakaiba sa mga katinig ay pumipigil sa kanila na maging perpektong tugma. |
| | titigan ako sa'king mga mata 'Lam mo ba bukod saking mukha **(AS_010)** | Ang saknong na ito ay isang halimbawa ng tugmang di-ganap. Ang salitang "mukha" at "mata" ay may pagkakahawig sila sa tunog, ngunit hindi eksaktong pareho dahil sa hindi magkatulad ang kanilang huning katinig. |
| | 'di sinapuso bilang ng buhay ng tao Kayong mga hari-harian pagkalaki na ng mga ulo **(AS_015)** | Ang salitang "tao" at "ulo" ay isang halimbawa ng tugmang di-ganap. Mayroong pagkakatulad sa tunog, ngunit hindi sila eksaktong magkapareho. |
| | *live in your eyes But love dies* **(AS_019)** | Ang saknong na ito ay halimbawa ng tugmang ganap di-ganap. Ang pagkakaiba sa *stress* pagpapantig at ang posisyon nito sa salita ay nagdudulot ng pagkakaiba sa tunog. |
| | Bakit nga ba ganito ? 'Di ko maintindihan ang sinasabi mo Madaya ba'ng mundo? **(AS_022)** | Bagamat magkahawig ang tunog ng "ganito" at "mundo," hindi sila tugmang ganap dahil sa mga pagkakaibang naririnig sa kanilang mga pantig. Kaya, sila ay isang halimbawa ng tugmang di-ganap. |
| | Binalik ko na 'yung paborito mong yakapin Mga unan na mahirap nang hanapin **(AS_025)** | Ang saknong na ito ay halimbawa ng tugmang ganap. Ang salitang "hanapin at yakapin ay magkatulad ang kanilang naging huling pantig na "in." |
| | Ngunit kung kaya ng katawan, tuloy ang hukayan | Ang "katawan" at "hukayan" ay halimbawa ng tugmang di-ganap, |

| | | |
|---|---|---|
| | **(AS_030)** | dahil sa pagkakaiba ng kanilang pantig kahit na may pagkakatulad sila ng tunog. |
| | Sabay nating haharapin Takot sa puso'y alisin **(AS_039)** | Ang salitang "harapin" at "alisin" ay maituturing na tugmang di-ganap. May pagkakatulad ang mga ito sa tunog, ngunit hindi eksaktong pareho. |
| | 'Di na magpapa-paawat Iwawagayway ang watawat **(AS_040)** | Ang saknong na ito ay isang tugmang ganap. Ang salitang "paawat" at "watawat" ay magkatulad ang huling pantig at patinig. |
| | Siguro nga, panahon na para ako'y magising Harapin at yakapin tunay na ako'y magiging **(AS_047)** | Ang saknong na ito ay tugmang di-ganap. Ang salitang "magising" at "magiging" ay magkatulad ang tunog ngunit magkaiba ang katinig. |
| | 'Di pa sa padamdam ang katapusan ng lahat ng 'yong sinimulan **(AS_051)** | Ang "katapusan" at "sinimulan" ay halimbawa ng tugmang di-ganap. Bagamat may pagkakatulad sa tunog ng mga huling pantig, maituturing pa rin itong di-ganap. |
| **Anapora (Repetisyon)** | Maligayang Pasko Maligaya maligaya maligaya Ma-ma-maligaya maligayang Pasko **(AS_016)** | Ang saknong na ito ay nagpapahayag ito ng kasiyahan, pagmamahalan at pagkakasama na kasabay ipagdiriwang ang pasko. Ito ay isang halimbawa ng anaphora dahil inuulit ang isang salita na maligaya. |
| | *Look at you, look at you Look at you, look at you* **(AS_003)** | Ito ay nagsisilbing paraan upang iparating ang atensyon, paghanga, o kahit pagkakaroon ng *realization* tungkol sa isang tao o bagay. Ang anapora ay nagbibigay ng diin at nagpapa-*stronger* sa mensahe, na nagpapakita ng mga emosyon at intensyon ng nagsasalita. |

| | | |
|---|---|---|
| | Uwian na, uwian na<br>Uwian na, uwian na<br>Uwian na<br>Mm, *yeah*, oh, *let's go*, *yeah*<br>**(AS_041)** | Naggpapakita ito ng isang karaniwang sitwasyon na kasiyahan at positibong damdamin. Ito ay isang halimbawa ng anaphora dahil gumagamit ito ng pag-uulit ng isang salita o parirala sa simula ng magkakasunod na linya.<br>Ang "Uwian na" ay inuulit sa simula ng bawat linya. |
| | Di ka basta-basta makakakita ng gento<br>Gento gento gento gento gento gento<br>**(AS_009)** | Ang saknong na ito ay gumagamit ng repetisyon upang magbigay diin sa eksklusibidad o natatanging katangian ng isang bagay, karanasan, o sitwasyon. Ang salitang "gento" ay isang halimbawa ng anaphora dahil inuulit ito sa simula ng mga sunod-sunod na linya. |
| | Walang iba, walang iba, wala nang hahanapin pa<br>Pag-ibig ko'y sa 'yo (pag-ibig ko'y sa 'yo), sa 'yo hanggang sa huli<br>**(AS_011)** | Ito ay nagpapakita ng matinding damdamin ng pagmamahal at matinding dedikasyon, ipinapahayag ang hindi-mabilang na beses na hindi na kailangang maghanap ng iba. Ang "pag-ibig ko'y sa'yo" ay isang halimbawa ng anapora dahil gumamit ito ng pag-uulit ng isang salita. |
| | *Baby, I want, baby, I want (baby, I want you)*<br>**(AS_012)** | Ang saknong na ito ay pagpapahayag ng matinding pagnanasa at emosyonal na intensidad. Ang pag-uulit ng "*I want*" ay nagpapalakas sa mensahe ng paghahangad at pagtukoy sa minamahal. |
| | Iba na tayo ngayon (iba na tayo)<br>Walang di nagagawa (walang di nagagawa)<br>Sabihin mo sabihin nyo kaya natin 'to (kayang-kaya 'to) | Ito ay isang malakas na mensahe ng pagbabago at pagtutulungan. Ang pag-uulit ng mga salitang "iba na tayo" at "walang di nagagawa" ay nagpapalakas ng |

| | | |
|---|---|---|
| | **(AS_014)** | mensahe na walang imposibleng layunin, at sa tulong ng pagkakaisa ay magkakaroon ng tagumpay. Pinapalakas nito ang positibong pananaw at pag-asa, na nagsusulong ng pagkakaroon ng lakas loob at pagtutulungan upang makamit ang mga layunin. |
| | *We don't ever want to say goodbye*<br>*Love goes, love goes, love goes (love goes)*<br>**(AS_019)** | Ang saknong na ito ay nagpapakita ng mga emosyon ng pag-iiwas sa pamamaalam at pagtanggap sa pag-ibig sa kabila ng mga pagsubok. Ito ay isang halimbawa ng anaphora dahil inuulit ang salitang "*love goes*". |
| | *Love yours, love yours*<br>*Love yours, love yours*<br>*Doubt will keep you down*<br>*Love yours, so you won't drown, no*<br>**(AS_020)** | Nagpapakita ito ng malalim na mensahe tungkol sa pagpapahalaga sa sarili, pagtanggap sa buhay, at ang paglaban sa negatibong pag-iisip. Ang salitang "*love yours*" ay halimbawa ng anaphoara dahil inuulit ito sa simula ng mga sunod-sunod na linya. |
| | *It's a matter of decision*<br>*It's a matter of decision*<br>*Go run*<br>**(AS_022)** | Ang saknong na ito ay nagpapahayag ng kahalagahan ng desisyon at ang pagtugon sa mga pamamagitan ng aksiyon, at nagtuturo ng pagkakaroon ng lakas ng loob at pagtutok sa hakbang patungo sa mga layunin. Ito ay isang halimbawa ng anaphora dahil ang salitang "*it's a matter of decision*" ay inuulit ito sa simula ng mga sunod-sunod na linya. |
| | Alam ko na hindi ito posible<br>Pero bakit bumubuhos | Nagpapakita ito ng pagkalito at pag-aalinlangan sa mga aspeto ng |

| | | |
|---|---|---|
| | Bakit bumubuhos ang nyebe nyebe nyebe<br>Nyebe nyebe nyebe oh<br>**(AS_26)** | buhay na hindi kontrolado. Ang salitang<br>"bakit bumubuhos" at "nyebe" ay isang halimbawa ng anaphora dahil gumamit ito ng pag-uulit ng isang salita. |
| | *Let me level up your life (life, life)*<br>*Upgrade you to a villa where you like tonight, night, night, night*<br>**(AS_028)** | Ang saknong na ito ay nagpapahayag ng pag-aalok ng mas magandang buhay at isang pagpapakita ng magarbong pamumuhay. Ang pag-uulit ng *"life"* at *"night"* ay nagpapalakas ng mensahe ng pag-angat at kasiyahan na may kasamang romantikong alok na nagbibigay pansin sa kasalukuyan. |
| | Salamat sa-salamat salamat<br>*Thank you very much*<br>**(AS_029)** | Ito ay isang maligaya at tapat na pagpapahayag ng pasasalamat at pagpapahalaga. Ang pagsasama ng dalawang wika ay nagpapakita ng pagkakabagay ng mga kultura at paggalang sa iba't ibang wika at paraan ng pagpapahayag. Ang salitang "salamat" ay halimbawa ng anapora dahil sa pag-uulit ng isang salita. |
| | Binibining Pilipinas oh<br>Oh binibining Pilipinas oh<br>Oh binibining Pilipinas oh<br>Oh binibining Pilipinas oh<br>**(AS_033)** | Ang saknong na ito ay nagpapakita ng paghanga, pagkilala, at pagpapahalaga sa mga kababaihan, partikular na sa mga kalahok ng Binibining Pilipinas. Ito ay nagpapalakas ng emosyonal na koneksyon at enerhiya ng awit, na ipinapahayag ang galak at supporta sa mga kababaihang lumalahok sa prestihiyosong patimpalak. Ang isalitang "binibining pilipinas oh" ay isang halimbawa ng anapora dahil |

| | | |
|---|---|---|
| | | inuulit ito sa simula ng mga sunod-sunod na linya. |
| | Tama ba'ng nadarama para sa'yo sinta<br><u>Bakit nga ba bakit nga ba</u><br><u>Bakit nga ba</u> mahal kita<br>**(AS_035)** | Ang saknong na ito ay nagpapakita ng pag-aalinlangan at pagkalito sa nararamdaman ng isang tao para sa kanyang minamahal. Ito ay isang halimbawa ng anaphora dahil sa pag-uulit ng isang linya o salita. |
| | <u>*Yeah, we gonna go up*</u><br><u>*Yeah, yeah, we gonna go up*</u><br>**(AS_001)** | Ang saknong na ito ay nagpapakita ng positibong pananaw, optimismo, at determinasiyon. Napagpapahayag ng motibasyon, tiwala sa sarili, at enerhiya na nag-uudyok sa isang tao o grupo na magpatuloy sa pagsusumikap at magtagumpay sa kanilang mga layunin. Ito ay isang halimbawa ng anapora dahil sa pag-uulit ng mga sunod-sunod na linya. |
| | *Take my heart, this is the moment*<br><u>*I'm moving closer to you*</u><br><u>*I'm moving closer to you*</u><br>**(AS_038)** | Ito ay nagpapakita ng isang matibay na desisyon at pag-aalay ng pagmamahal at pagpapalalim ng relasyon. Ang salitang *"I'm moving closer to you"* ay isang halimbawa ng anaphora dahil inuulit ito ng mga sunod-sunod na linya. |
| | <u>Wa watawat</u><br><u>Wa watawat</u><br>'Di na magpapa-paawat (what)<br>Iwawagayway ang watawa<br>**(AS_040)** | Ang saknong na ito ay nagpapakita ng optimismo, determinasyon, at pagtutok sa tagumpay. Nagpapaalala ito ng positibong pananaw at pagtutok sa layunin, na nagsisilbing pagganyak para sa mga tagapakinig. Ito ay isang |

| | | |
|---|---|---|
| | | halimbawa ng anapora dahil inuulit ito sa simula ng mga sunod-sunod na linya. |
| | *Fake faces come and go*<br>*And I don't, I don't, I don't know*<br>*Where I should go, should go, should go*<br>*'Cause I got no place to call a home*<br>**(AS_046)** | ay nagpapakita ng tema ng pagkawala ng direksyon, pagkalito, at pagkawala ng tahanan. paghanap ng kahulugan at pagkakakilanlan sa isang magulong mundo. |
| | *Doing what we do in the moonlight*<br>*Moonlight*<br>*Moonlight*<br>**(AS_049)** | Ito ay isang malikhain at romantikong pagpapahayag na naglalarawan ng mga *intimate* na sandali at misteryoso o senswal na karanasan sa ilalim ng buwan. Ang paggamit ng "*moonlight*" bilang simbolo ng gabi ay nagpapakita ng kalayaan at pagtanggap sa isang espesyal na oras ng koneksyon sa isang tao. Ito ay isang halimbawa ng anapora dahil sa pag-uulit ng isang salita. |
| **Epistrope** | Handa kong harapin ang lahat, yeah Kahit pa imposible *Yeah, we gonna go up (we go up) Yeah, yeah, we gonna go up (we go up)* Kahit ilang beses pang matumba *Yeah, we gonna go up*<br>**(AS_001)** | Ang saknong ay halimbawa ng epistrope. Ang parirala ay nagpapakita ng determinasyon ng grupo na magtagumpay, anuman ang mga hamon na kanilang haharapin. Ito ay nagbibigay-diin pag-angat at pag-abot sa tagumpay. |
| | *I need your, I need your love right now now, now, (right) now, (yeah) Now, now, 'di mapigil itong damdamin Now, now (right) now, now (no matter) I need your, I need your love right now* **(AS_002)** | Ang paggamit ng epistrope sa saknong na ito ay nagbibigay-diin sa matinding pagnanasa ng nagsasalita para sa pag-ibig ng kanyang minamahal. Ang parirala ay nagpapakita ng pangangailangan para sa pag-ibig, na parang nagsusumamo siya para sa atensyon at |

| | | |
|---|---|---|
| | | pagmamahal ng kanyang minamahal. |
| | *Bruce be proud, I'm water, moves, they stagger, wattah! Buzz killer, I'm killing your buzz, so get the hell out Look at you, look at you Look at you, look at you Look at you, look at you Look at you, look at you* **(AS_003)** | Ang saknong na ito ay isang halimbawa nga epistrope. Nagbibigay ng pakiramdam ng pagmamataas at panunuya. |
| | 'Di ka basta-basta makakakita ng gento Gento mm yeah yeah gento gento 'Di ka basta-basta makakakita ng gento **(AS_009)** | Ang paggamit ng epistrope na ito ay nagbibigay-diin sa tema ng kanta na nakatuon sa pag-abot ng tagumpay at ang mga pagsisikap na kinakailangan upang makamit ito. Ang salitang "gento" ay isang salitang nag-uugnay sa mga konsepto ng "ginto" at "ganito". |
| | Walang iba, walang iba, wala nang hahanapin pa Pag-ibig ko'y sa 'yo **(AS_011)** | Ang paggamit ng epistrope sa saknong na ito ay nagbibigay-diin sa tema ng katapatan at pagmamahal na ipinapahayag sa kanta. |
| | Pag-asa ka ng buong mundo (woah) Kabataang pinoy kayang kaya mo (woah) Pinoy ako pinoy tayo (pinoy ako pinoy tayo) **(AS_014)** | Ang saknong na ito ay isang halimbawa ng paggamit ng epistrope. Ito ay nagbibigay-diin sa tema ng pag-asa, kakayahan, at pagkakaisa ng mga kabataang Pilipino. Ang paggamit ng epistrope sa mga linya na ito ay nagbibigay-diin sa tema ng pag-asa, kakayahan, at pagkakaisa ng mga kabataang Pilipino. |
| **Aliterasyon (Alliteration)** | 'Wag na 'wag ka na sana pang mawawala 'Pagkat pakpak ko'y 'yong binuka **(AS_007)** | Ang saknong na ito ay may aliterasyon. Ang pag-uulit ng tunog na /w/ sa mga salitang "wag" at ang pag-uulit na ito ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng presensya ng isang tao, na |

| | | |
|---|---|---|
| | | parang binibigyang-halaga ang pagiging "hindi mawawala". Ang pag-uulit ay nagpapalakas din ng emosyonal na epekto ng linya, na ginagawang mas malinaw ang pagsusumamo. |
| | Mata mata diretso lang sa kalsada Sundot sulyap sa *billboard* ni Ms Ivana (huli) **(AS_008)** | Ang aliterasyon sa saknong na ito ay ang pag-uulit ng tunog na /s/ sa "sundot" at "sulyap". Katulad sa unang linya, hindi ito masyadong kapansin-pansin dahil sa pagitan ng mga salita. ay naglalarawan ng isang sitwasyon sa EDSA, malamang sa oras ng *rush hour.* |
| | Magising sa sigaw na sumasalamin sa sumpa niyong magsilbi sa amin Tuluyang nawalan ng bisa **(AS_015)** | Ang aliterasyon sa saknong na ito ay matatagpuan sa pag-uulit ng tunog na /s/ sa mga salitang "sigaw," "sumasalamin," "sumpa,". Ito ay isang panawagan para sa mga taong inaapi na magising, magkaisa, at labanan ang sistemang umaapi sa kanila. |
| | Sinubukang alamin saloobin tumingin sa salamin Ngayon ano'ng aking gagawin ito ay kapit sa patalim **(AS_042)** | Ang saknong na ito ay may aliterasyon. Ang paggamit nito ay nag-uugnay sa mga salitang "Sinubukang," "saloobin," at "salamin," na binibigyang-diin ang koneksyon sa pagitan ng pagsisikap na maunawaan ang sariling damdamin ("saloobin") at ang paggamit ng salamin bilang isang kasangkapan sa pagsisiyasat sa sarili. |
| **Asonans (Assonance)** | Alamin ang mga bagay-bagay 'Di pwedeng anay sa'king bahay Tahimik lang daw ang matibay **(AS_009)** | Ang saknong na ito ay mayroong elemento ng asonans. Ang pag-uulit ng tunog ng patinig na /a/ (tulad ng sa "bagay," "bahay," at |

| | | |
|---|---|---|
| | | "matibay") ay lumilikha ng isang banayad na musikal na epekto. Hindi ito kasinglakas ng mga halimbawa kung saan mas malinaw at mas madalas ang pag-uulit ng magkakatulad na tunog ng patinig, ngunit naroroon pa rin ang elemento ng *assonance.* Ang saknong na ito ay nagpapahayag ng isang mensahe tungkol sa kahalagahan ng pagiging matatag at hindi basta-basta nagpapaapekto sa mga negatibong impluwensya. |
| | Bakit 'di niyo subukang buksan ang bukas namang pinto? **(AS_013)** | Ang saknong na ito ay may halimbawa ng asonans. Ang asonans ay nakikita sa pag-uulit ng tunog ng patinig /u/. Ang pagiging malapit ng dalawang salitang ito sa isa't isa ay nagbibigay-diin sa pagkakatulad ng tunog. Ang saknong na ito ay isang malakas na panawagan para sa pagtanggap at pag-unawa. Humihingi ng pagkakataong maipakita ang kanyang tunay na sarili, na humihiling sa iba na mag-isip nang malalim at magbukas sa posibilidad ng pagiging tunay. |
| | Bawat banat iwagayway mo ang watawat Wa watawat Wa watawat 'Di na magpapa-paawat (what) Iwawagayway ang watawat **(AS_040)** | Ang saknong na ito ay isang halimbawa ng asonans. Ang pag-uulit ng tunog ng patinig na /a/ sa mga salitang "bawat," "wagayway," "watawat," at "magpapa-paawat" ay lumilikha ng isang asonans. Ang saknong na ito ay nagpapakita ng diwa ng pagiging matatag at hindi pagsuko sa harap ng mga pagsubok. Ito ay isang mensahe |

| | | |
|---|---|---|
| | | ng pag-asa at inspirasyon para sa lahat na naghahangad na makamit ang kanilang mga pangarap. |
| **Metapora (Metaphor)** | Ibibigay ko ang aking puso Sa pag-abot ng pangarap, 'di hihinto Handa 'kong harapin ang lahat **(AS_001)** | Ang saknong na ito ay may halimbawa ng metapora. Ang "ibibigay ko ang aking puso" ay isang metapora na ginamit ang "puso" para sa dedikasyon at pagsisikap para sa pangarap. |
| | Alam ko na hindi ito posible Pero bakit bumubuhos ang nyebe Nanlalamig ang bisig hinahanap ang 'yong tinig **(AS_026)** | Ang saknong na ito ay isang halimbawa ng metapora. Ang "nyebe" ay hindi literal na umuulan, kundi isang paghahalintulad ng kalungkotan, lamig at distansya sa pagitan ng dalawang tao. |
| | Nawawala na ang liyab at init ng aking apoy 'Di ko na alam kung pa'no ko pa nga itutuloy **(AS_031)** | Ang saknong na ito ay halimbawa ng metapora. Ang "apoy" ay nagsisilbing simbolo ng lakas at siga ng damdamin. Ang pagkawala ng liyab at init ay nagpapahiwatig ng pagkawala ng sigla at pag-asa ng nagsasalita. |
| | Unti-unting lunurin ang aking nadarama O buhos ng ulan 'wag nang tumila pa **(AS_035)** | Ang saknong na ito ay halimbawa ng metapora. Ang "ulan" sa mga linya ay hindi tumutukoy sa literal na pag-ulan kundi sa luha at sakit na nararamdaman ng tao. Ang paggamit ng "ulan" ay nagbibigay ng mas malakas at masiglang imahe ng kanilang kalungkutan at pagdurusa. |
| | *You can't kill our fire, you can't kill our fire* Hahayaang mamatay, *not until we die* **(AS_036)** | Ang saknong na ito ay isang halimbawa ng metapora. Ang "fire" sa mga linya ay hindi tumutukoy sa literal na apoy |

| | | |
|---|---|---|
| | | kundi sa determinasyon, sigla, at pagnanais ng mga tao na patuloy na lumaban at magtagumpay. |
| | Panahon ma'y nagdidilim Liwanag ay sisikat din Sabay nating haharapin **(AS_039)** | Ang saknong na ito ay may nakapaloob na metapora. Ang "Panahon ma'y nagdidilim" ay naghahambing sa isang madilim na panahon sa buhay ng tao sa literal na pagdidilim ng panahon. Ang "Liwanag ay sisikat din" naman ay naghahambing sa pag-asa at pagdating ng mas magandang panahon sa pagsikat ng araw. |
| | Mahiwaga bawat nakasarang bintana sa'kin dati lahat ngayo'y nagbubukas (oh woah) **(AS_040)** | Ang saknong na ito ay may isang halimbawa ng metapora. Ang "nakasarang bintana" ay hindi literal na mga bintana, kundi isang simbolo para sa mga hadlang, paghihirap, o mga pagkakataong hindi naabot noon. Ang pagbubukas ng mga bintana ay kumakatawan sa paglitaw ng mga bagong oportunidad, paglaya mula sa mga limitasyon, at pagkamit ng mga dating imposible. |
| | Umaga'y 'di na darating Buwan ay laging nakatingin 'Di na uso'ng huling hiling Tara, simulan natin **(AS_047)** | Ang saknong na ito ay may nakapaloob na metapora. Ang metapora na "Umaga'y 'di na darating / Buwan ay laging nakatingin" ay naglalarawan ng isang sitwasyon kung saan ang pag-asa para sa isang bagong simula ("umaga") ay nawala na, at ang natitira na lamang ay ang pagmamasid sa paglipas ng panahon ("buwan"). |

| | | |
|---|---|---|
| **Slang** | Bazinga! *Hate* niyo'y gasolina, *yeah, I'm fire, I linger Dare you to turn up the heat and I'll burn y'all 'til I die, yeah* **(AS_003)** | Ang salitang "bazinga" ay nagmula sa palabas na "*The Big Bang Theory*" at ginagamit ng karakter na si Sheldon Cooper bilang isang parirala ng panunuya o pagmamalaki pagkatapos ng isang matalinong biro. Sa saknong na ito ginamit ang salitang "bazinga" sa pagpapakita ng isang pag-uugali ng pagiging mapaglaro, mapagmataas, at mapaghamon. |
| | Nag-*buzzer beater quick release* sabay sigaw agad wala butata Yeah haha yah butata **(AS_006)** | Ito ay isang halimbawa ng slang, ginagamit ang "butata" bilang isang ekspresyon ng pagkamangha o pagkagulat, lalo na kapag may nangyaring hindi inaasahan o nakakagulat. Sa konteksto ito, ginagamit ang "butata" para ilarawan ang reaksyon ng kalaban matapos ma-*score* ng mang-aawit ang *buzzer beater.* |
| | 'Di ka basta-basta makakakita ng gento Gento mm yeah yeah gento gento 'Di ka basta-basta makakakita ng gento **(AS_009)** | Ito ay isang slang na salita na mahirap bigyan ng eksaktong kahulugan, pero sa konteksto ng kanta, ginagamit ito para bigyang-diin ang kalidad o kahalagahan ng isang bagay. Maaaring ipakahulugan bilang "ganito" o "ginto". Naglalaman ito ng mga mensahe tungkol sa pagiging matatag, pagiging tunay sa sarili, at pagsisikap para makamit ang mga pangarap. |

Inilahad sa talahanayan 1 ang mga linggwistikong elemento sa orihinal na awitin ng SB19 gamit ang mga linggwistikong elemento na mga bahagi mula sa 51 korpora na nakalap sa pananaliksik. Ang mga na tuklasan ng linggwistikong elemento na bahagi ay mga tugma, anapora, epistrope, aliterasyon, metapora, asonansiya, at slang na salita.

**Tugma**

Ang tugma ay tumutukoy sa pagkakaroon ng magkaparehong tunog sa huling bahagi ng dalawang salita. Maaari itong magamit upang palawakin ang lirko sa pamamagitan ng paglikha ng mas malalim na kahulugan at epekto. Ito ay madalas na ginagamit sa mga tula at awit upang magbigay ng ritmo at pagka-sintunado sa mga linya, at tumutukoy sa pagkakatugma ng mga tunog, kadalasang sa huling pantig ng mga salita, na lumilikha ng isang musikal at maindayog na epekto. Higit pa sa simpleng pagkakapareho ng tunog, ang tugma ay nagbibigay ng ritmo at estruktura sa mga tula at awit, na ginagawang mas kaaya-aya at madaling matandaan. Ang paggamit ng tugma ay nagdudulot ng pagkakaisa at pagkakatugma sa mga linya, na nagbibigay-diin sa mga tiyak na salita o ideya at nagpapahusay sa pangkalahatang mensahe o damdamin ng akda. May iba't ibang uri ng tugma, mula sa perpektong tugma hanggang sa malapit na tugma, na nakakaapekto sa kabuuang epekto at tono ng isang piyesa. Ang pagpili ng uri ng tugma ay isang mahalagang aspeto ng paglikha ng isang matagumpay na tula o awit.

**Anapora**

Ang anapora ay isang estilo o pampanitikan na ginagamit upang magbigay-diin at makapaghatid ng mensahe ng mas malakas at mas epektibo sa pamamagitan ng pag-uulit ng isang salita o parirala sa simula ng mga magkasunod na pangungusap. Ito ay isang makapangyarihang kasangkapan na retorikal na nagpapalakas ng mensahe sa pamamagitan ng paglikha ng ritmo, pagbibigay-diin sa isang sentral na ideya, at pagmamanipula ng emosyon ng mambabasa o tagapakinig. Ang pag-uulit ay hindi lamang nagbibigay ng musikalidad sa teksto, kundi nagsisilbi ring "pandikit" na nag-uugnay sa mga ideya at nagtataguyod ng kohesyon sa pagitan ng mga pangungusap. Ang epekto nito ay nakadepende sa konteksto, sa piniling salita o parirala, at sa pangkalahatang tono ng teksto. Ang isang mahusay na paggamit ng anapora ay maaaring magdulot ng isang malalim at di-malilimutang epekto, na nag-iiwan ng isang pangmatagalang impresyon sa isipan ng tagatanggap.

**Epistrope**

